# Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno

## “Pagbuo ng Isang Mabuting Angkan”

**PEBRERO 9, 2008**

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG
MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2008 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 5/07
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 5/07
Pagsasalin ng: *Worldwide Leadership Training Meeting, "Building Up a Righteous Posterity," February 9, 2008*
06761 893

# Mga Nilalaman

Mga Pangkalahatang Huwaran at Partikular na Buhay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 2
*Elder Jeffrey R. Holland*

Ang Pagpapahayag Tungkol sa Mag-anak. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4
*Pangulong Boyd K. Packer*

Talakayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10
*Elder Dallin H. Oaks*
*Elder Jeffrey R. Holland*
*Julie B. Beck*
*Susan W. Tanner*
*Cheryl C. Lant*

Isang Santuwaryo mula sa Mundo. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 29
*Pangulong Thomas S. Monson*

# Mga Pangkalahatang Huwaran at Partikular na Buhay

ELDER JEFFREY R. HOLLAND
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



**Patuloy na Pagbibigay-diin sa Pamilya**

Mga kapatid, welcome sa 2008 worldwide leadership training broadcast. Ang ating tema na "Pagbuo ng Isang Mabuting Angkan," ay ang patuloy na pagbibigay-diin ng Simbahan sa mga bagay na pampamilya. Dalawang taon na ang nakararaan, nagpokus ang brodkast sa "Pagsuporta sa Pamilya," na naglalaman ng payong babanggitin namin ngayon.

Narinig ninyo ang binigkas at isinulat na mga mensahe, kabilang na ang mga liham mula sa Unang Panguluhan tungkol sa pangangailangang palakasin at protektahan ang pamilya. Isa sa mga liham na iyon, na dapat ay nabasa na sa mga sacrament meeting at naibigay ng mga home teacher sa mga pamilya, ay ganito ang nilalaman: "Kami ay nananawagan sa mga magulang na gawin ang lahat ng kanilang magagawa sa pagtuturo at pagpapalaki sa kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo na magpapalapit sa kanila sa Simbahan. . . . Gaano man kahalaga at kaangkop ang ibang gawain, hindi dapat pahintulutang palitan nito ang makalangit na mga tungkulin na tanging mga magulang at pamilya lamang ang makakagawa."[1]

Batid ninyo na ipinaaabot namin sa lahat ng mga nasa hustong gulang sa Simbahan ang brodkast na ito. Maaaring hindi karaniwang isinasama ang mga young single adult sa talakayan tungkol sa pagbuo ng mabuting angkan. Ngunit sinadya naming ipaabot sa kanila ang imbitasyon. Kayong mga single adult ang dapat at ang magiging mga magulang sa hinaharap. At habang nagpaplano at naghahanda kayo para doon, bahagi kayo ng angkan ng inyong mga magulang ngayon at sa hinaharap. Dalangin namin na maging tapat ang lahat sa mga alituntuning pampamilya na itinataguyod ng Simbahan at ng inyong mga magulang.

Bukod dito, alam namin na ang ilan sa mga nakikinig at nasa Simbahan ay hindi pa nag-aasawa, o walang buong pamilya na lalapat sa ideyal na pamilyang tinutukoy natin sa Simbahan. Nawa magtiwala kayo na alam namin ang marami at iba't ibang kalagayan ng ating mga miyembro. Mahal namin ang bawat isa sa inyo. Nauunawaan din namin na habang mas dumarami ang mga pamilyang nasisira at napapawalang-halaga ang buhay may-asawa, pag-aanak at pagpapamilya, nadarama ng mga General Authority at pangkalahatang mga lider ng Simbahan na kailangang magsalita tungkol sa mga huwaran at alituntuning nakasentro sa ebanghelyo. Kung hindi, ang pagbaba ng moralidad na nararanasan ng daigdig ang magdadala sa atin sa isang kalagayan na kung saan ang lahat, miyembro o hindi, ay walang direksyon sa selestiyal na pagsasama ng mag-asawa at mga pamantayan ng walang hanggang pamilya.

**Mga Padron at Ginaya Lang**

Gagamit ako ng isang parabula na patungkol dito, ano man ang kalagayan ng pagsasama ninyong mag-asawa o ng pamilya. Dahil wala akong ibang maisip, tatawagin ko itong, "Ang Parabula ng Sariling-Gawang Damit." Ang nanay ko ay isang napakahusay na modista. Noong bata pa ako, at salat kami sa pera, at mahirap makabili ng damit noon, tumatahi siya ng maisusuot namin para sa pagpasok sa eskuwela. May makikita akong polo sa tindahan o sa magasin, at sasabihin ng aking ina, "sa tingin ko kaya kong gawin iyan." Sa malapitang pagtingin lamang sa polo, makakatabas siya at makakatahi ng halos kagaya ng pagkamahal-mahal na orihinal.

Pinupuri ko siya dahil kapwa niya gusto at kinaya niyang gawin iyon. Pero hindi niya naman talagang ginustong gawin iyon nang ganoon. Bagamat puwede niyang mapag-aralan ang ibinebentang produkto hanggang sa magaya niya, ang gusto niya talaga ay isang padron. Ang padron ang nakakatulong sa kanya para makita ang mga anggulo, tabas, at mga tahi na kung wala ay mahirap mapansin. Dagdag pa rito, sa paggawa niya ng ikalawa o ikatlong polo, gamit pa rin niya ang orihinal na padron, at hindi nauulit o nadaragdagan ang mga kamalian ng isang ginaya lang.

Sa tingin ko naiintindihan na ninyo ang aming punto. Magugulo talaga kung ang isang polo ay ginawa mula sa isang polo na gawa mula sa isa pang polo. Ang isa o dalawang mali sa unang tinahi—na di-maiiwasan kapag walang padron—ay mauulit at mas gagrabe, mas papangit, mas maraming beses itong mauulit hanggang sa hindi na ito kagaya ng dapat kong isuot sa eskuwela. Puwedeng masyadong mahaba ang isang manggas. Maikli naman ang kabila. Aabot sa dibdib ang isang tahi. Ang isa naman ay aabot sa likod. At ang butones para sa kuwelyo ay natahi naman sa may parteng batok. Masasabi ko sa inyo na hindi magiging maganda ang ganoong hitsura sa ikapitong baitang.



***Maaari tayong sumang-ayon sa huwarang mula sa Diyos, at kaya nating sikaping isabuhay ito sa abot ng ating makakaya.***

**Ang Ideyal na Huwaran mula sa Diyos**

Sana makatulong ito sa inyo na maintindihan kung bakit pinag-uusapan natin ang tungkol sa huwaran, ang ideyal na kasal at pamilya kahit alam natin na hindi lahat ay namumuhay sa ganoong kalagayan. Ito ay dahil sa marami ang hindi nakakaalam, o maaaring hindi pa nakakita ng ganoong huwaran dahil sa mga kulturang naglalayo sa atin sa mga huwarang sinasabi natin na minimithi ng ating Ama sa Langit na nakapaloob sa Kanyang walang hanggang plano para sa Kanyang mga anak.

Kailangan ang pag-aakma sa buhay ng bawat tao dahil magkakaiba ang kalagayan ng mag-asawa at pamilya. Ngunit lahat tayo ay maaaring sumang-ayon sa huwarang mula sa Diyos, at kaya nating sikaping isabuhay ito sa abot ng ating makakaya.

Tayong mga General Authority at pangkalahatang pinuno ay tinawag para ituro ang Kanyang mga pangkalahatang patakaran. Ikaw at tayo ay mamumuhay nang tiyak at dapat hanapin ang gabay ng Panginoon hinggil sa mga partikular na kalagayan. Ngunit magkakaroon ng malaking kalituhan at pagkawala ng mga pangako ng ebanghelyo kung walang pangkalahatang ideyal at pamantayan ng doktrina at, sa katayuan nating ito, ay uulitin. Pinalalakas tayo ng kaalaman na ang Panginoon ay nagsalita tungkol dito, at tinatanggap natin ang payo Niya kahit hindi ito popular.

Salamat sa inyong pag-unawa kung bakit kami nagmamalasakit na protektahan ang lahat ng miyembro ng pamilya, anuman ang inyong edad, at kung bakit namin kinakalaban ang mga puwersa na sumisira sa aspeto ng walang hanggang plano ng kaligayahan ng Diyos. Nagpapasalamat ako na sinabi ng Panginoon, "Bibigyan ko kayo ng isang huwaran para sa lahat ng bagay nang di kayo malinlang" (D at T 52:14).

**TALA**

1. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999.

# Ang Pagpapahayag Tungkol sa Mag-anak

PANGULONG BOYD K. PACKER
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol



**Mga Ideyang Nagbibigay-Sigla**

Nagpapasalamat ako na kalahok ako sa miting na ito at binabati ko kayong lahat sa buong mundo sa napakasagrado at taimtim na okasyong ito na maaaring may pinakamahalagang paksa na maipararating namin sa inyo mula sa pamunuan ng Simbahan. Napagmasdan namin, habang pinagmamasdan ninyo, ang mga huwaran ng mundo at lalo kayong nag-alala sa mga paksa tungkol sa tahanan at pamilya.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang ipinanumbalik na Simbahan, at nagsimula ito sa pagpapakita ng Ama at ng Anak kay propetang Joseph Smith. Sa dakilang Unang Pangitaing iyon, na siyang tawag natin dito ngayon, ay may inihayag na dalawang dakilang ideyang nagbibigay-sigla na gumabay sa Simbahan sa simula pa lang.

Ang una: Siya ang Ama. Sa lahat ng mga titulo na maibibigay ng Diyos Mismo sa Kanyang sarili, pinili Niya ang pinakamalapit sa ating lahat. Siya ang ating Ama. Tanggap natin iyon—na tayo ay mga anak ng Diyos. At dahil kasama rito ang Anak, naging pagpapakilala ito ng pamilya. Sa gayon nagpakita ang Ama at ang Anak.

Sa isang paghahayag na ibinigay pagkatapos ng maikling panahon, sinabi ng Panginoon, "Dahil dito, ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan" (D at T 1:17).

**Pamumuhay sa Pamamagitan ng Paghahayag**


At iyon ang simula. Iyon ang huwaran, na dapat tayong kumilos, magorganisa at mamuhay nang naaayon sa mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon. Ang mga paghahayag na ito, gaya ng alam ninyo, na nakatala sa aklat na Doktrina at mga Tipan at mga paghahayag sa Aklat ni Mormon at Mahalagang Perlas, ang bumubuo ng pundasyon ng mga banal na kasulatan para sa Simbahan.

Natuklasan natin na hindi inorganisa ng Panginoon ang Simbahan ayon sa paraan ng iba pang mga Simbahan sa mundo. Ibig sabihin, walang mga propesyonal na tagapaglingkod ng Simbahan. Wala tayong mga seminaryo katulad ng sa kanila na naghahanda sa mga tagapaglingkod na gagabay sa Simbahan. Nakabuod ito sa isa pang pangungusap na "bagkus ay makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, . . . maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan" (D at T 1:20).

Natutuklasan natin dito ang pagkakapantay-pantay ng kalalakihan na nagtataglay ng priesthood at ng kababaihan na kaagapay nila. Sama-sama tayong gumagawa, at naorganisa tayo una bilang mga pamilya. Lahat tayo ay may karapatan sa inspirasyon at paghahayag, at lubhang kailangan natin ito sa mundo, lalung-lalo na sa malaking hamon ng pagkakaroon ng pamilya.

**Pagbuo ng Isang Mabuting Angkan**

Ngayon, ang paksa ng miting na ito ay ang pagbuo ng isang mabuting angkan; ito ay isang obligasyon. Ang unang kautusan na ibinigay kina Adan at Eva ay magpakarami sila at kalatan



***Ang unang kautusang ibinigay kina Adan at Eva ay magpakarami at kalatan ang lupa. Ang paraang ito ay magpapatuloy sa kasaysayan ng sangkatauhan.***

ang lupa, at ang mga proseso ng pagpapakarami at pagkalat sa lupa ay ibinigay sa kanilang katawan. At ang paraang ito ay magpapatuloy sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Kaya nagkaroon tayo ng unang mag-anak—si Adan at ang kanyang asawa, si Eva, at ang kanilang mga anak. Alam natin na nagkaroon ng digmaan sa langit at nagkaroon ng paghihimagsik at si Satanas ay pinalayas. Determinado siyang wasakin ang mga gawain ng Makapangyarihan, at may sapat siyang kaalaman o matalino o inspirado kaya alam niyang ang pamilya ang dapat niyang simulang wasakin. At nakikita natin ito sa kasaysayan nina Adan at Eva. At habang nalalantad ang kasaysayan ng Simbahan, lumilitaw ang responsibilidad ng mga magulang at mga anak.

**Isang Pagpapahayag sa Mundo**

Mga ilang taon na ang nakararaan nagkaroon ng isang kilusan na may kinalaman sa mag-anak. Ang United Nations ay tumawag ng isang konseho ukol sa mag-anak sa Beijing, China. Nagpadala tayo ng mga delegado sa konsehong iyon sa mag-anak at sa iba pang mga konsehong idinaos. Pagkatapos ay inihayag na isa dito ay idaraos sa lugar na malapit sa ating headquarters, at naisip natin, "Buweno, kung pupunta sila dito, kailangang ipahayag natin ang ating sarili."

Ang pagpapahayag sa Simbahan ay isang napakahalaga, at malaking pahayag. Ilan lamang sa mga ito ang naipalabas mula ng magsimula ang Simbahan. Napakahalaga ng mga ito; naghahayag ang mga ito. Noong panahong iyon, mga mahigit nang 10 taon ang nakalipas, ipinalabas ng Mga Kapatid ang, "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Parang tulad sa banal na kasulatan ang bisa nito.

Ngayon, maririnig ninyo ang iba pang mga presentasyon na maraming beses na bumanggit sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak. Naisip ko na magandang basahin ko ito sa inyo. Alam ko na nabasa na natin ito. Ngunit kung babasahin natin itong mabuti at nang dahan-dahan at bibigkasin nang maliwanag, maaaring mas marami pa ang paghahayag nito kaysa inakala ninyo.

Kapag nagtataka kayo kung bakit ganito tayo at kung bakit ginagawa natin ang ganito at kung bakit hindi natin gagawin ang ilang bagay na hindi natin gagawin, makikita ninyo ang awtoridad niyon sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak. May mga pagkakataong inaakusahan tayo sa hindi pagpaparaya dahil ayaw nating tanggapin at gawin ang mga bagay na dapat sana ay kalakaran sa lipunan. Ganito, ang mga bagay na hindi natin gagawin, hindi natin gagawin. At ang mga bagay na hindi natin gagawin, hindi natin

makakayang gawin, dahil sa mga pamantayan na sinusunod natin na ibinigay Niya.

Hayaang basahin ko sa inyo ang pagpapahayag, at pakinggan ninyo ito at tingnan kung hindi ninyo nakikita ang mga bagay na mahalaga ngayon sa lipunan, pulitika, gobyerno, at relihiyon na nagdudulot ng matinding problema at hirap. At matatagpuan ninyo ang mga kasagutan doon. At ang mga kasagutang naroon ay ang mga kasagutan ng Simbahan.

"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo"

"Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

"Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng [lahat ng] Kanyang mga anak."

***Buhay Bago ang Buhay sa Mundo***

Alam natin sa Simbahan mula sa mga doktrinang inihayag sa atin na nabuhay na tayo bago pa ang buhay sa mundong ito. Hindi nagsimula ang lahat sa paglalagay ng sangkatauhan sa mundo. At ang mga doktrina ng ebanghelyo ay hindi na bago nang ihayag ang mga ito kay Propetang Joseph Smith. Nanggaling ang mga iyon sa kawalang hanggan at magiging gayon sa lahat ng kawalang hanggan. Ngayon, makinig na mabuti:



"Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan."

"Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay."

***Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan***

Pansinin na inilalarawan ito bilang plano ng kaligayahan. Inilalarawan ito sa iba pa, sa Aklat ni Mormon, bilang ang "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8).

"Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasamasama sa walang hanggan."

"Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinapahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas."

Mapapansin ninyo habang ginagawa natin ito na binabatikos ang mga pahayag na ito. Gusto ng mundo na baguhin ito. Hindi natin gagawin. Hindi natin magagawa ito. Kapag nagtataka kayo kung sino tayo at bakit tayo ganito, tandaan na mayroon tayong ganitong huwaran at susundin natin ito.

"Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos."

Ang paninindigan natin sa mga bagay tulad ng diborsiyo, pagpapa-

laglag, at mga isyu sa kasarian ay binanggit at binalangkas sa mga paghahayag, at ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak ang pinakamalinaw na pahayag na makikita natin tungkol sa mga isyung iyon.

***Mga Tungkulin ng Magulang***

"Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

"Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano."

At sa Simbahan, wala tayong kinikilalang ibang paraan para sa kasal—kasal sa pagitan ng lalaki at babae.

"Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo."

Nadarama ko palagi na ang pangunahing layunin ng lahat ng mga gawain at programa ng Simbahan ay batay sa pagkakaroon ng isang lalaki at babae at kanilang pamilya na maligaya sa tahanan.

"Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga pamilya sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang pamilya. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

***Isang Babala***

"Kami ay nagbababala"—hindi natin karaniwang ginagamit ang salitang ito, ngunit angkop dito—"Kami ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na isang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

"Kami ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas





***Hindi madali ang magtaguyod ng pamilya sa buhay na ito at magpalaki ng mga anak. Pero sa Simbahan ninyo matatagpuan ang tulong na kailangan ninyo.***

ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan."[1]

**Mga Doktrina at Ordenansa**

Ngayon, maririnig ninyo sa mga presentasyon dito sa miting ng Simbahan sa buong mundo ang mga praktikal na aplikasyon at tagubilin at payo at patnubay, ngunit lahat ng ito ay nakatuon sa mga paghahayag sa mga banal na kasulatan, doktrina, at alituntunin na ipinahayag sa pagpapahayag na ito tungkol sa mag-anak.

Kapag kayong mga kabataan na nahaharap ngayon sa pag-aasawa at buhay may-asawa, ay magsisiyasat sa paligid ninyo at makikita ang mga panganib, may isang lugar lamang sa mundong ito kung saan ang mag-anak ay lubos na mabibigyan ng proteksiyon, at iyon ay sa loob ng mga ordenansa at doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ipamuhay ang ebanghelyo, at magiging maayos ang kalagayan ninyo.

Hindi lubos na kalugud-lugod na tirahan ang mundong ito, at may mga pagsubok at kapansanan at mga halimbawa ng buhay at kamatayan at lahat ng mga problema na dumarating sa atin, gayunman ang mga kasagutan ay makikita sa pag-unawa na ang pamilya ang pangunahing yunit ng Simbahan. Ang lahat ng mga ginagawa sa Simbahan ay pinaplano para pagtibayin ang pamilya.

**Tulong para sa mga Pamilya**

Kung minsan malilihis tayo ng kaunti sa ating posisyon na suportahan ang pamilya, sa pagbibigay ng responsibilidad sa pamilya na suportahan ang Simbahan. Dapat maging maingat ang mga lokal na lider sa pag-organisa ng mga gawain at programa ng Simbahan para sa mga kabataang lalaki at babae, at sa paghahanda sa kanila para sa buhay may-asawa at pagtulong sa kanila sa mga unang taon bilang mag-asawa hanggang sa tumanda sila.

Natutuklasan ko na ang pagtanda ay kawili-wiling karanasan. Pinag-iisipan ko ang tungkol sa mga huwaran ng pag-ibig at pagsasama ng mag-anak, ang romantikong pag-ibig ng kabataan. Mapapangalagaan ba ito? Ah, oo. Hindi lamang iyon mapapangalagaan kundi luluwalhatiin at madaragdagan.

Ngayon, hindi madali ang magtaguyod ng pamilya sa buhay na ito at magpalaki ng mga anak. Pero sa pamamagitan ng Simbahan sa ngayon, matatagpuan ninyo ang tulong na kailangan ninyo.

Alam natin kung paano magdasal, alam natin kung paano magturo, pero may mga pagkakataon na kailangan natin ang tulong. Kailanman, saanman, mayroong lokal na lider ng priesthood. Naturuan tayo ng mga halimbawa ng paghahayag at alam natin na may kani-kanya tayong natatanggap na paghahayag. Kapag nag-aalinlangan tayo, mababalikan natin ang mga karaniwang lider na ito ng priesthood. At kung susundin natin sila, ligtas nating matatahak ang modernong buhay kasama ang ating mga anak at mga apo.

Ngayon sa aming pamilya ay mayroon kaming mga apo at apo-sa-tuhod at kailangan pa rin naming bumaling sa mga lokal na lider ng priesthood, para gawin ang karaniwang gawain na inaasahan sa amin sa Simbahan. May mga panahon ng pagsubok at kahirapan at panganib at pagkabigo, ngunit pagprotekta sa mga pamilya ang pinakadiwa ng Simbahan. Ginagawa natin ang lahat ng ating magagawa sa Simbahan para protektahan ang mga

pamilya, at nariyan ang pamunuan ng priesthood, ang kapangyarihan na matatagpuan saanman sa mundo, sa bawat bansa kung saan naroroon ang Simbahan–mga kalalakihan na naorden sa priesthood at kababaihan na matatalino at may mga likas na katangian ng isang ina.

Nang umalis ng tahanan ang aming mga anak at lumayo at nanirahan sa malayong lungsod, nakita namin ang kanilang pag-alis at may aliw kaming nadama na magkakaroon sila ng pamilya doon. At hindi lang minsan namin sinabi sa aming mga anak, "Hindi ninyo kami matatawagan ng palagian dahil magastos. Pero magkakaroon kayo ng lola doon. Saan ninyo matatagpuan ang inyong lola? Sa Relief Society. At mabibigyan kayo ng matalinong payo at magkakaroon ng lakas na kapareho ng nadama ninyo sa ating pamilya. At kapag kayo'y umalis, madaragdagan ang bilang ng pamilya."

Ngayon, kung pakikinggan ninyo ang mga tagubilin na ibibigay sa sesyong ito, matutuklasan ninyo na may inspirasyon at direksiyon ito. Dapat din ninyong malaman na noong nabinyagan tayo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may isa pang ordenansa, bukod sa pagbibinyag, kung saan ipinagkaloob ang Espiritu Santo. Ipinapatong ng kalalakihang may awtoridad ang kanilang mga kamay sa ulo ng bawat indibiduwal, sa bawat taong nabinyagan, at ipagkakaloob sa kanya ang kaloob na iyon, at ito ay magiging liwanag at tagapagturo at tagawasto at gabay habang tayo ay nabubuhay.

**Patnubay at mga Pagpapala**

Palagay ko hindi dapat mabuhay na may takot ang mga miyembro ng Simbahan, para tingnan ang mga nangyayari sa paligid natin at sabihing, "Paano kami makapagtataguyod ng pamilya kung nasa paligid namin ang mga tukso at paghihirap na ito?"

Aba, kaya mo, dahil mabibigyan ka ng patnubay at matuturuan mo ang iyong mga anak na magabayan. Sa lahat ng iyon mabubuhay ka nang maligaya at matutuklasan mo pagkatapos ng lahat ng ito, sa susunod na buhay, na ang pamilya ay maaaring magsama-sama.

Ngayon, kung minsan mayroon sa atin na mga naliligaw ng landas. May pangako sa atin ang mga propeta na sila ay hindi tuluyang nawawala, na kung sila ay mabubuklod sa mga ordenansa sa templo at masusunod ang mga tipan, sa takdang panahon, pagkatapos ng pagwawasto na kailangang ibigay, ay hindi sila mawawala.

Kaya ipinaaabot ko ang aking mga pagpapala sa lahat sa inyo sa buong Simbahan habang nabubuhay kayong maligaya sa mag-anak, bilang mga magulang man o mga anak o sa anumang huwaran na inyong isinasabuhay, na kayo ay mabibiyayaan at gagabayan, na mamalagi sa inyong buhay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo at ang gumagabay na kapangyarihan ng priesthood ay palaging nariyan para kayo ay iwasto, pagpalain, palakasin, at pagtibayin sa inyo ang isang patotoo.

**Ang Diyos ang ating Ama!**


Alam ko na ang Diyos ay buhay, na Siya ay ating Ama, na Siya ang ating *Ama!* Hindi ko alam kung paano lubos na sabihin ang salitang ito. Ito ay salitang sinasabi natin ng halos pahapyaw. Ngunit Siya ang ating Ama; mahal Niya tayo. At sa ganito ring paraan, tayong mga namumuno sa Simbahan ay may gayunding damdamin para sa lahat ng miyembro ng Simbahan at sa lahat ng magiging miyembro. Kaya hinihiling ko na mapasainyong lahat ang mga biyaya ng Panginoon at ang mga biyaya ng Ama sa inyong lahat na mga miyembro ng Simbahan habang hinaharap natin ang responsibilidad ng pagtataguyod ng isang mabuting angkan, sa pangalan ni Jesucristo, amen.

**TALA**

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 1995, 102.

# Talakayan

ELDER DALLIN H. OAKS
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



ELDER JEFFREY R. HOLLAND
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



JULIE B. BECK
Relief Society General President





SUSAN W. TANNER
Young Women General President



CHERYL C. LANT
Primary General President

#### Ang Plano ng Tagapaglikha

*Elder Holland*

Nalulugod kaming makasama si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol; sina Sister Julie Beck, general president ng Relief Society; Sister Susan Tanner, general president ng Young Women; at Sister Cheryl Lant, general president ng Primary. Napakabait ng mga lider na ito para imbitahin akong samahan sila at hilingin na ako ang maging moderator sa talakayang ito.

May isang pangungusap sa pagpapahayag tungkol sa pamilya na nagsasabing, "Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano."[1] Bakit kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa pag-aasawa at pamilya sa Simbahan ay iniuugnay natin ito sa plano ng Diyos? Iyan ang wikang gamit natin; ito ang wikang gagamitin natin ngayong gabi. Bakit natin ito inuugnay sa walang hanggan at sa kabuuan ng plano ng kaligtasan?

*Elder Oaks*

Bueno, sa pagpapahayag ukol sa mag-anak ay sinabihan tayo na ang "mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak." Ibig sabihin nito, ang ating mga desisyon at hangarin sa pag-aasawa at pagdadala at pagpapalaki ng mga anak ay talagang napakahalaga sa kawalang hanggan. Dapat tayong magabayan dito ng mga utos ng Diyos at mga turo ng Kanyang mga tagapaglingkod, hindi ng kung ano ang popular sa kultura o ano ang angkop na napagkasunduan. Sa tingin ko ito ang pangunahing mensaheng dapat nating tandaan at pangunahing layunin sa pagsasalita sa lahat ng nasa hustong gulang sa Simbahan sa mahalagang brodkast na ito.

*Elder Holland*

Mabuti. Salamat. Mga sister, may masasabi ba kayo sa walang hanggang plano ng lahat ng ito, kung bakit hindi lamang tayo isang samahan sa lipunan o isa lang ahensiya na tumutugon sa mga pangangailangan ng pamayanan? May masasabi ba kayo?

#### Tatluhang-Bahaging Pangako

*Sister Tanner*

Sa tingin ko, ang pangako ng mag-asawa—at isang pangako ito na tila hindi kinikilala ng mundo—ay tatluhang bahaging-pangako. Ang mga mag-asawa ay nangangako sa isa't isa, at talagang may pangako din sila sa ating Ama sa Langit. Ang nagbibigkis sa ugnayang ito ng mag-asawa ay ang pag-ibig sa kapwa tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Habang nasa atin ang pag-ibig na ito sa isa't isa, hindi lang tayo pinaglalapit nito, kundi lalo tayong napapalapit sa ating Ama sa Langit, at dahil dito'y lalong nagkakalapit ang mag-asawa.

*Elder Holland*

Tungkol diyan sa tatsulok na iginuhit mo para sa amin, may espesyal kaming pagbibigay-diin sa pagsisikap na dalhin ang langit sa tahanan, sa paglalagay sa Diyos sa pag-aasawa. May maipapayo ba kayo sa mga kapatid natin, bata o matanda, na ganito pa rin ang ginagawa? May maipapayo ba kayo?

*Sister Lant*

Ang naiisip ko kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa walang hanggang pamilya ay hindi ito perpektong pamilya; kundi isang pamilya, na nagsisikap maging ganap at makabalik sa ating Ama sa Langit. Kaya't kung magtutuon tayo sa ideya ng tatsulok, kasama ang ating Ama sa Langit, na tutulong upang labanan ang mga hirap ng buhay, para sa akin, ito ang perpektong pamilya sa buhay na ito. Hindi ito ang pamilyang walang mga hamon, kundi ito ang may mga hamon at nagtutulungan sa paglutas ng mga iyon sa tulong ng ating Ama sa Langit.

*Sister Beck*

Gusto kong magsalita tungkol sa mga babaing nakikinig sa atin na iniwan ng kani-kanilang asawa sa kung anong dahilan, o sa mga babaing nabiyuda na. Maraming kababaihan sa paligid natin na sa ganap na pananampalataya at katapatan ay nangakong tutupad sa buong plano noong sila ay ibinuklod, ngunit ngayon ay nag-iisa na sila. Alam ko na marami sa kanila ang nagsabi na, "Tama. Nangako akong susunod sa plano, at hindi ko ito bibitawan dahil lamang sa nag-iisa na ako ngayon. Magdarasal pa rin kami bilang pamilya. Magbabasa pa rin ng banal na kasulatan bilang pamilya. Magdaraos ng family home evening. Tuturuan ko ang pamilyang ito. Aasikasuhin ko ang pamilyang ito sa kanilang mga pangangailangan ayon sa plano ng Panginoon." Saludo ako at pinararangalan ko ang matatapang na kababaihang gagawa nito. Hindi nila tinatalikuran ang plano dahil mag-isa na sila. Mas mahirap kapag nag-iisa ka, pero magagawa mo pa rin ito.

*Elder Oaks*

Hindi sinabi ng Panginoon na magiging madali ito, ngunit nangako Siya sa ating ito ay posible.

#### Ang Pagiging Sentro ng Pamilya

*Sister Beck*

Itinatanong natin kung bakit ang pamilya ang sentro sa plano ng Tagapaglikha. Paano natin ito nalaman? Nalaman natin mula sa mga paghahayag sa mga propeta na nanirahan tayo sa langit bago tayo isinilang, na kasali tayo sa isang malaking labanan bago pa tayo isinilang para magkaroon ng pagkakataong maging bahagi ng isang walang hanggang pamilya.

May isang walang hanggang pamilya, at ito ang kabuuan ng plano. At ang lahat ng iba pang bagay na nasa atin ay lapat sa planong ito.

*Elder Holland*

Maaaring may mga ward at stake sa langit—hindi ko alam ang tungkol sa mga ito—o maaari ding may iba pang organisasyon na di natin alam. Pero alam natin na may mga pamilya sa langit. At karamihan sa mga naipahayag tungkol sa buhay natin sa kabila, sa ating buhay sa kawalang hanggan, sa ating selestiyal na buhay, ay nakapokus sa organisasyon ng pamilya, kaya nga ito ang layunin ng mga alituntunin ng templo, at mga tipan na ginagawa natin doon.

Sana'y makatulong ito sa mga miyembro ng Simbahan at sa mga hindi miyembro ng Simbahan na maunawaan kung bakit madalas natin itong pinag-uusapan.

*Elder Oaks*

Karamihan sa mga pinagkakaabalahan natin sa buhay na ito—kapangyarihan, katanyagan, ari-arian, kasikatan—ay mga bagay na wala namang ebidensiya na nagsasabing mahalaga ito sa kabilang-buhay. Pero ang pamilya ay mahalaga.



#### Pagkakaisa at Pagiging Di-Makasarili sa Pagsasama ng Mag-asawa

*Elder Holland*

Pag-uusapan natin ang tungkol sa pamilya, mga anak at pagkakaroon ng mga ito, pagpapalaki sa kanila, pagmamahal sa kanila, at pagtulong sa kanila na maging kung sino sila dapat, pero bago iyan, paano naman ang mga personal na bagay tungkol sa pag-aasawa?

Paano natin pauunlarin ang pagsasama ng mag-asawa para kalaunan ay magdulot ito ng kapaligirang gugustuhin natin para sa pagsisilang at pagpapalaki ng mga anak?

*Sister Lant*

Itinanong mo kung paano tayo umaabot sa puntong handa na tayong magkaroon ng pamilya at magkaroon ng mga anak. Kailangan ang espirituwal na pundasyon, pagkakaisa ng mga mithiin at paniniwala sa pagitan ng mag-asawa sa kung ano ang nais nila para sa kanilang tahanan at pamilya upang magtagumpay ito.

*Sister Beck*

Isa sa mga pinakasimpleng tagubilin kung paano gawin ito ay nasa Genesis, kabanata 2, kung saan sinabi ng Panginoon na ang lalaki ay iiwan ang kanyang ama at ina at makikipisan sa kanyang asawa at sila ay magiging isa (tingnan sa Genesis 2:24). Tatlong tungkulin iyan kung saan may karapatan ang mag-asawa sa simula pa lang: lisanin ang pinanggalingan nila, magsama, at maging isa sila. At kapag ginawa nila ang tatlong alituntuning ito, nagsisimula nang umunlad ang ugnayan nila sa Panginoon.

*Elder Oaks*

Gusto kong sabihin sa isang magkasintahang ikinakasal na sa pagaasawa ay dapat magtinginan muna sila sa isa't isa, tulad ng gagawin nila habang nasa altar sila—hindi sa kanilang mga magulang muna, kapatid, o kaibigan, kundi sa paglutas ng lahat ng kanilang problema ay sa isa't isa muna sila umaasa, dahil ang pagsasama nila sa ilalim ng pamamahala at mapagmahal na awtoridad ng Ama sa Langit sa tatsulok na binanggit mo kanina ang tutulong sa kanila para malutas ang lahat ng mga di-maiiwasang problema ng pag-aasawa.

*Sister Tanner*

Gusto kong balikan ang unang kuwento, ang pinakaunang kuwento ng pag-ibig nina Eva at Adan. Noong likhain ng Panginoon si Adan, ibinigay ng Panginoon sa kanya ang lahat ng bagay. Binigyan Niya si Adan ng magandang daigdig. Nilalang Niya ang mga bulaklak at mga hayop at ang napakagandang hardin na ito na kanyang matitirhan. Ngunit hindi maaaring umunlad si Adan. Hindi uunlad ang lalaki hangga't wala siyang katuwang, isang taong babagay sa kanya o aakma sa kanya sa lahat ng aspeto, sa emosyonal, espirituwal, sa pisikal na paraan.

Sinasabi niyan sa atin ang uri ng samahan na dapat mamagitan sa atin sa mabuting pagsasama ng mag-asawa. Kailangang maging akma tayo para sa isa't isa. Kailangan nating isipin kung ano ang maitutulong natin para umunlad ang pagsasama ng mag-asawa. Taglay ng bawat isa sa atin ang kakaibang likas na katangian tungo sa pag-aasawa at may kani-kanya tayong misyon na gagampanan sa pag-aasawa. Ngunit dapat din nating isa-alang-alang ang iba at huwag maging makasarili sa pagsasamang ito at tulungan ang isa't isa.

*Elder Holland*

Narinig kong sinabi ni Pangulong Hinckley na ang pagiging makasarili ang pinakamalaking hamon sa pag-aasawa.[2] Mayroon ba kayong maipapayo sa Simbahan kung paano ito mapaglalabanan at sisikaping sabihin ng mag-asawa na, "Ano ba ang nangyari sa amin sa araw na ito?" sa halip na "Ano ba ang nangyari sa akin sa araw na ito?"

*Sister Lant*

Alam ninyo, maraming usapin sa mundo sa kung "natutugunan ba ang mga pangangailangan ko?" Madalas nating marinig iyan.

*Elder Holland*

Oo, maraming ibig sabihin ang salitang *pangangailangan.*

*Sister Lant*

Oo, "natutugunan ang mga pangangailangan ko." At kung iisipin lang muna natin ang pangangailangan ng iba, matutugunan nga ang ating mga pangangailangan. Iyan ang pinakamainam na paraan para matugunan ang ating pangangailangan, kung pangangalagaan muna natin ang iba.

*Sister Tanner*

Lumaki ako sa tahanan na napakaganda ng samahan ng mag-asawa, pero naaalala kong paulit-ulit na sinasabi ni Inay sa akin, "Kailangan mong kumilos para gumanda ang pagsasama ninyong mag-asawa; kailangang magsikap ka palagi." Hindi naman sa sinasabi niyang hindi maganda ang naging pagsasama nila, kundi ibig sabihin ay hindi mo hahayaang lumipas ang araw nang hindi mo iniisip kung paano mo mapagpapala ang asawa mo at tumulong upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan.

**Pagpili ng Mapapangasawa**

*Sister Beck*

Madalas nating marinig ang mga young single adult na nagsasabing, "Hinahanap ko ang aking soul mate." Hindi sila magpapakasal hangga't hindi nila nakikita ang kanilang soul mate na magiging "best friend" nila sa habampanahon. Ano ba talaga dapat ang hanapin nila kung gusto nilang makamtan ang mga pagpapala ng Panginoon at makabuo ng walang hanggang pamilya? Paano nila iyon gagawin?

*Elder Oaks*

Madalas akong magduda kapag may naririnig ako na hinihintay ng isang tao ang taong para sa kanya na itinalaga sa kanya ng langit. Maaari sigurong may ganoon. Pero sa palagay ko karamihan sa atin ay hinahanap ang taong mahal niya, na kasama nating maninindigan at susulong, na katulad ng sa iyo ang mga huwaran at alituntunin para makabuo ng walang hanggang pamilya. Sa palagay ko ang paghihintay hanggang sa may isang makaagaw ng iyong atensyon at masabing, "heto na siya" ay nagpapatagal sa pagpapakasal o minsan ay hindi na natutuloy ang pagpapakasal.

*Elder Holland*

Sa tingin ko narinig na natin ang tulad ng "Kailangan ko munang makatapos bago ako mag-asawa" o "Kailangang makapagtrabaho ako" o "Kailangan may pera ako sa bangko" o "Kailangan may kotse kami." Madalas nating marinig ang mga ganitong uri ng kondisyon sa lipunan. Gusto nating maisaayos muna ang lahat ng ito.

Nagustuhan ko ang sinabi ni James Thurber noon sa pakahulugan niya tungkol sa pag-ibig. Sabi niya, "Ang pag-ibig ay ang mga magkasama ninyong napagdaraanan."[3]

Kayong mga single adult diyan—hindi ninyo dapat ipagpaliban ang mga karanasan na nagbibigkis sa atin sa ating kabataan at sa ating mga paghihirap at sakripisyo at maski na sa ating pagtanda kung saan mas marami na ang pera ninyo.

*Elder Oaks*

Alalahanin na nariyan lang ang Ama sa Langit, at kapag ginawa natin ang ipinagagawa Niya sa atin, pagpapalain Niya tayo. Huwag nating ipagkait sa Kanya ang pagkakataong tuparin ang Kanyang mga pangako sa pag-ako natin ng lahat na para bang tayo ang kailangang gumawa nito.

*Sister Lant*

Kasabay nito, nais naming tiyakin na hindi natin hinihimok ang mga kabataan na pumili ng ibang "pamantayan"—at mga pamantayan ng Simbahan ang tinutukoy ko dito. Hindi sila dapat magpakasal sa taong hindi nila kasamang maninindigan sa ebanghelyo at hindi maglilingkod sa Panginoon.

### Huwag Mabuhay sa Takot

*Sister Tanner*

Sa tingin ko ang pag-aasawa, pagkakaroon ng pamilya, pagiging tapat, at pagsasakripisyo para sa ebanghelyo ay talagang nakatutuwa. Dulot nito'y tunay na ligaya sa ating buhay. Dapat palagi nating tandaan at bigyang-diin iyan. Malaking pagpapala sa atin ang buhay-pamilya.

*Elder Holland*

Dahil sa lahat ng nangyayari sa ating paligid, dito man o sa buong mundo, sa tingin ko marami ang natatakot. Marami akong naririnig na mga single adult at teenager na natatakot at nag-aalala kung meron pa bang hinaharap para sa kanila. "Tatagal ba ang buhay ko at makakapag-asawa kaya ako?"

Makinig, noon pa naman ay mahirap na talaga. Wala namang panahon sa kasaysayan ng daigdig na hindi nagkaroon ng problema, na walang bagay na hindi katatakutan. Kaya nga nasa atin ang ebanghelyo. Hindi tayo dapat mamuhay sa takot—hindi sa Simbahang ito—na hindi maaayos ang mga bagay-bagay o masyadong maraming katatakutan na bubulaga na lang sa atin. Maaaring ang takot na iyan ay personal o pangkalahatan. Ang kailangan lang ay ipamuhay natin ang ebanghelyo at magkaroon ng pananampalataya at hanapin ang sagot sa ating mga panalangin, at sumulong. At ganyan na naman noon pa.

*Elder Oaks*

Sabi nga sa banal na kasulatan, "Walang takot sa pag-ibig ng panginoon" (1 Juan 4:18; tingnan din sa Moroni 8:16).

### Pantay na Magkatuwang

*Elder Oaks*

May itatanong ako kaugnay nito. May narinig akong ilang kabataang nag-iisip na magpakasal at sa kanilang pagliligawan ay sinasabing, "Kung maililista lang natin ang mga bagay na gagawin mo at mga gagawin ko, sa pamamagitan niyan, magiging masaya ang ating pagsasama bilang mag-asawa." Anong masasabi ninyo tungkol diyan?

*Sister Beck*

Hindi iyon listahan. Nagbabago ang listahan. Parang alon, araw-araw nagbabago.

*Sister Tanner*

Maganda ang sinabi ng awtor na si John Milton sa kanyang epikong tula na *Paradise Lost*. Pinuri ni Adan si Eva sa "libu-libong kagandahang-asal na dumadaloy sa kanyang mga salita at gawa na may kahalong Pagmamahal."[4] Napakaganda siguro kung puno ng kadisentihan ang ating mga pagsasama, na iniisip kung ano ang puwede nating gawin—sa ating gawa at salita para maipakita ang pagmamahal.

*Sister Lant*

Alam ninyo, dapat mayroong hatian sa mga gawain ng mag-asawa, dahil hindi mo kayang gawin ang lahat ng iyon nang mag-isa. Ngunit para sa akin—kitang-kita naman—na ang hatian ng gawain ng mga mag-asawa ngayon ay kakaiba kumpara noong nag-asawa ako. Minamasdan ko ang mga batang mag-asawa sa aking pamilya—ang aking mga anak at kani-kanilang asawa—at kung paano nila gawin ang mga bagay sa kanilang pamilya. Kakaiba iyon kaysa sa amin. Nagagawa pa rin naman nila ito. Gumagawa sila sa ibang paraan. At sa maraming paraan ay mas mabuti ang ginawa nila kumpara sa amin. Ang mahalaga, gayunman, ay kani-kanya sila. Dapat alamin ng bawa't mag-asawa kung paano nila gagawin ang mga bagay-bagay.

*Elder Holland*

Ibinabalik mo ako sa pagpapahayag, na nagsasabing dapat maging pantay ang mag-asawa at di lang sabihing, "Ikaw lang ang mag-aaruga at ako lang ang bahala sa paghahanap ng pera, o kung ano pa man." Magkakaroon ng mga pagbabago. Dapat may balanse dito. Dapat nating pagsaluhan ito. Sa tingin ko iyan mismo ang ibig sabihin ng pagpapahayag.

Ang isa pang linya mula sa pagpapahayag ay, "Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo." Sinasabi niyan sa akin na, "Mas makabubuting ayusin ko ang mga kapintasan ko kaysa mag-alala sa mga kapintasan ng iba pang kapamilya."

*Elder Oaks*

Sa palagay ko pagpapakita ito ng turo ni Jesus nang sabihin Niyang huwag mong tingnan ang puwing sa mata ng iba hangga't di mo pinapansin ang tahilan sa iyong mata (tingnan sa Mateo 7:3–5; Lucas 6:41–42; 3 Nephi 14:3–5).

### Kultura ng mga Banal sa mga Huling Araw

*Sister Beck*

Naiisip ko ang isang halimbawa ng mga kaibigan kong convert sa Simbahan, at sa kanilang kultura at pamilya ay wala ang pagkakaisa at huwarang ito na katulad ng kay



***Sa kanilang mga banal na tungkulin, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan.***

Cristo. Hindi ito bahagi ng kanilang pamana. Pero sumapi sila sa Simbahan at tinanggap ang mga turo ng Tagapagligtas, at sinabi nila noong mag-asawa na sila, "Ano kaya ang magiging kultura ng pamilya ko? Ano ang magiging kultura namin?" At nagpasiya silang mabuti na, "Ang sa atin ay kultura ng mga Banal sa mga Huling Araw." Pinag-aralan nila ang banal na kasulatan; pinag-aralan nila ang mga doktrina, at nagtatanong, "Magiging ano ba dapat ang pamilya namin upang umayon sa alam naming totoo?" Bumuo sila ng tahanan batay sa mga alituntunin ni Cristo na nabanggit mo. Ano ang itinuro ng Tagapagligtas? Paano natin pakikitunguhan ang isa't isa? Kagandahang-asal, kabaitan, paggalang.

At ngayon paglipas ng maraming taon, nakita nating nabuo ang pamilyang ito. Wala na sa kanila ang kultura ng bansa nila. Nasa tahanan nila ang kultura ng ebanghelyo.

*Elder Oaks*

At mas mabuting pundasyon iyan sa pag-aasawa—kultura ng isang Banal sa mga Huling Araw—sa halip na listahan ng mga gawain.

*Sister Lant*

Sa pag-aasawa ng mga anak namin, sinabihan namin sila na hindi ito tungkol sa kung sino ang tama; tungkol ito sa kung ano ang tama. Bawat isa sa kanila ay may dalang mga tradisyon mula sa kanilang pamilya, at umaasa ka na kapag pinagsama nila ang mga ito, kailangan nilang tingnan kung ano ang tama—sumangguni sa mga alituntunin ng ebanghelyo upang malaman iyan—nang sa gayon, maging mas matibay sila kaysa mga pamilyang pinanggalingan nila. Mas magiging matatag ang kanilang pamilya; magiging mas mabuti ito.

**Pagpapalaki ng mga Anak sa Pananampalataya**

*Elder Holland*

Sister Tanner, nabanggit mo ang tungkol kina Adan at Eba. Nagpapasalamat talaga ako na nasa atin ang ikalawang kabanata ng 2 Nephi sa Aklat ni Mormon, na nagsasabi sa atin tungkol sa desisyong ginawa nina Adan at Eva na hindi nalaman ng sinuman sa daigdig.

Habang binabasa ko ang 2 Nephi 2, malinaw doon na hindi magkakaroon ng mga anak sina Adan at Eva sa halamanan (tingnan sa talata 23). Sa tingin ko marami sa mundo ang walang alam tungkol diyan. Para sa atin mahalagang punto ito ng doktrina, muling pagbibigay-diin sa ideya ng walang hanggang plano, sa pagiging sentro ng pamilya, ang puntong binanggit ninyong lahat tungkol sa plano.

*Sister Tanner*

Pakiramdam ko napakapalad natin na mayroon tayo sa Simbahan ng pagpapahayag sa mag-anak. Maituturing nating halos banal na kasulatan ang dokumentong ito dahil galing ito sa mga buhay na propeta at apostol. Dito ay pinaaalalahanan tayo na ang utos na ibinigay ng Diyos kina Eva at Adan na magpakarami at kalatan ang lupa bilang mag-asawa ay maybisa pa rin.

Naaalala ko noong young single adult pa ako at bagong kasal pa lang ako ay narinig ko nang itinuturo ng mga apostol at propeta sa pulpito ang kautusang ito, at nagpapasalamat ako sa payong ito. Naaalala kong ipinapangaral nilang dapat na kaming mag-asawa, magkaroon ng mga anak, at makapag-aral, sabay-sabay ika nga, bagamat tila imposible. Siguro nga parang imposible; tiyak na maraming tao ang nagtatanong at nagtataka kung paano ito mangyayari.

Habang iniisip ko na may bisa pa rin ang kautusang ito na magpakarami, alam kong tama ito. Naniniwala rin ako na kailangan dito ang malaking pananampalataya at lakas ng loob at madalas, ng malaking sakripisyo. Hinihiling nitong maging karapat-dapat tayo sa Panginoon para

LARAWAN © 2005 NI ROBERT CASEY

tumanggap ng personal na paghahayag, at sa tingin ko kailangan nito ng dalisay na puso para hindi tayo mapanghusga sa ibang tao na nananampalataya at may personal na paghahayag din tungkol sa kautusang ito.

*Elder Oaks*

Sa tingin ko totoo at talagang napakahalaga ng sinabi ni Sister Tanner. Salamat sa sinabi mo. Nanganganib tayo ngayon, dahil sa tingin ko, ang mga miyembro ng Simbahan ay nakatuon sa makamundong priyoridad sa pagdedesisyon nila tungkol sa pagkakaroon ng anak. At sa halip na magdesisyon batay sa pananalig sa pangako ng Panginoon at pag-asa sa dakilang plano ng kaligayahan at layunin ng buhay, bumabaling sila sa ibang bagay—telebisyon o mga kilalang dalubhasa sa mundo ngayon o maging sa pamimilit ng kanilang mga kaibigan—sa paggawa ng mahahalaga at walang hanggang desisyon na kailangang gawin nang may taimtim na panalangin sa Panginoon.

*Sister Beck*

Palagay ko isyu *ito* ng pananampalataya. Marami tayong alam na mga lugar sa mundo na may kakulangan sa pabahay. Paano makakakita ng titirhan ang bagong kasal, at magpapalaki pa ng mga anak, kung wala kayong matirhan? Sa tingin ko ito ay may kinalaman sa pananampalataya. Hindi tayo nagpaplanong magkaroon ng anak dahil may pera tayo, dahil kaya natin. Nag-aanak tayo dahil may pananampalataya tayo.

Naniniwala ako na ang paghingi at paghahangad sa mga pagpapala ng Panginoon sa ilalim ng plano, ay lilikha ng mga himala sa buhay ng mga tao. Kung kayo ay nasa lugar kung saan kulang ang pabahay, magkakaroon ng paraan. Tulad ng pagbabayad ng ikapu na nangangailangan ng pananampalataya, gayundin naman na kailangan ng pananampalataya sa pagkakaroon ng mga anak. Hindi ka nagbabayad ng ikapu dahil sa may pera ka; hindi ka nag-aanak dahil may pera ka.

*Elder Oaks*

Idaragdag pa natin na nagtuturo tayo ng pangkalahatang alituntunin dahil tayo ay mga General Authority at pangkalahatang pinuno.

*Sister Tanner*

Gustung-gusto ko ang katagang "magkakaroon ng paraan kung lalakad tayo nang may pananampalataya." May personal akong patotoo na nagkakaroon ng daan kapag matapat tayo. Noong bagong kasal pa lang kami, binasbasan ng biyenan ko ang asawa ko, na sinasabing, "Sundin mo ang mga alituntunin ng ebanghelyo—gawin mo ang nararapat sa pagsasama ninyo at lumakad nang may pananampalataya—at magkakaroon ng paraan, na hindi mo naiisip sa ngayon."

Ang paglakad nang may pananampalataya ay di nangangahulugan na hindi na tayo mag-iingat sa paglalakad. Dapat tayong mag-ingat sa ating mga desisyon at tapos ay magsikap na mabuti at maghandang magsakripisyo at magtiis kahit wala sa atin ang ilang bagay. Alam naming mag-asawa na natupad ang basbas ng kanyang ama sa aming buhay. Ang mga paraang hindi pa nakikita ay nabuksan. At alam kong totoong alituntunin ito para sa lahat ng sumasampalataya.

*Sister Lant*

Nabanggit mo na dapat handa tayong gawin anuman ang kinakailangan. Ang pagkakaroon ng mga anak ay isang malaking gawain. At hindi tayo dapat matakot dito, dahil ang pagsisikap mismo at kahandaang gawin ang lahat ng kailangan ang siyang humuhubog sa ating pagkatao. Ang pagsasakripisyo ang humuhubog sa ating pagkatao. Gusto kong magpatotoo sa kaligayahang dulot ng pagkakaroon pamilya, ng mga anak, dahil hindi lang isang kautusan galing sa Panginoon na gawin iyon, kundi mayroon din itong kaakibat na mga pagpapala.

*Elder Oaks*

At lagi nating tandaan ang katotohanan na sa maraming bahagi ng mundo kung saan nakikinig ang mga tao sa brodkast na ito, ang ideya ng pagkakaroon ng mga anak ay tinanggihan. O iniisip nila na sapat na ang magkaroon ng isang anak, at kalokohan o hindi makabayan kapag ang tao ay nagkaroon ng mahigit sa isang anak. Maraming ideya sa mundo na kumakalaban sa plano ng ebanghelyo. At sinabi ni amang Lehi, "Talagang kailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). Hindi natin dapat asahang papalakpakan tayo sa tuwing gagawa tayo ng isang bagay na alam nating tama. Ngunit pagpapalain kayo ng Diyos.

**Ang mga Hangarin ng Puso**

*Sister Beck*

Marami akong kilalang mga mag-asawa na gustong magkaanak pero hindi sila nabiyayaan nito. Ang hamon sa kanila ay ang hindi pagkakaroon ng mga anak. Kailangan natin silang pakinggan at suportahan at palakasin. Naniniwala rin ako na ang hangarin ng mga babaing walang asawa at ng mga mag-asawang ito na magkaroon ng

mga anak ay hindi mawawala sa kanila dahil kaloob ng Diyos ang hangaring ito. Likas ito sa kanilang pagkatao at ganito ang naging pagsasanay nila sa langit. Hindi maglalaho ang hangaring iyon. At pagpapalain sila ng Panginoon.

*Elder Oaks*

At ang paghahanap na iyon ay magiging matimbang sa Huling Paghuhukom. Para sa akin isa sa mga nakaaalong talata sa mga banal na kasulatan ang Doktrina at mga Tipan bahagi 137, talata 9, kung saan sinabi sa atin na hahatulan tayo ng Panginoon alinsunod sa ating mga gawa at hangarin ng ating mga puso.

#### Una Muna ang Pamilya

*Elder Holland*

Pag-usapan natin ang tungkol sa pagpapalaki ng mga anak, ang kasunod matapos nating matupad ang kautusan na magkaroon ng mga anak at ipagpatuloy ang kanilang walang hanggang pag-unlad sa pagbibigay sa kanila ng pagkakataon. Magkaugnay ang mga tungkuling ito. Sa tingin ko ang utos ng Panginoon ay hindi lang ang pagpapalaki ng mga bata, kundi ang palakihin sila na taglay ang ideya ng pagliligtas sa kanila.

*Elder Oaks*

Habang nag-uusap tayo tungkol dito, ano ba ang ibig sabihin ng una muna ang pamilya? Sinasabi natin ito at pinaniniwalaan, pero ano ba ang ibig sabihin ng una muna ang pamilya?

Gusto kong gamitin ang salamin mo para gunitain ang metapora ni Neal Maxwell. Minsan ay iminungkahi niyang sulatan natin ang loob ng ating salamin para makita natin ang mensaheng ito kahit saan tayo tumingin. Masasabi natin na kapag nagpapasiya tayo kung paano gagamitin ng pamilya ang oras o kung paano magiiskedyul ang ward ng mga activity, naisulat na natin sa loob ng ating salamin ang, "Una muna ang pamilya."

*Elder Holland*

Gusto ko—at gusto nating lahat—ang sinabi sa Eclesiastes, "Sa bawat bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawat panukala sa silong ng langit" (Eclesiastes 3:1). Kaunti na lang ang nalalabi nating panahon, at pare-parehas lang tayo dito. Kaya sa







tingin ko kung gagawin lang natin ang mga dapat unahin, maiuuna natin ang pamilya. Palagay ko magagawa natin ito nang mas maayos.

*Elder Oaks*

At kapag pinag-uusapan natin ang pag-una sa pamilya, dapat nating isipin ang pagdarasal ng pamilya, family home evening, at pag-aaral ng banal na kasulatan, at pag-uukol ng panahon para mangyari ang mga ito na may walang hanggang ibubunga sa espirituwal na pag-unlad ng ating mga anak. Iyan ay pagpapakita na "una ang pamilya."

**Mga Huwaran ng Pamilya**

*Elder Holland*

Ipinakilala ko ang salitang *padron* sa mga sinabi ko sa pagsisimula natin. Ang ilan sa mga bagay na malamang na binabalewala natin ay hindi dapat balewalain, gaya ng pampamilyang pag-aaral ng banal na kasulatan, pagdarasal ng pamilya, family home evening—isinasantabi natin ang mga ito na para bang nauunawaan na ito ng lahat, pero hindi. Dapat maging bahagi ng pamilya ang mga bagay na ito.

*Sister Tanner*

Ang maganda tungkol sa mga padron ay minsan nakikita natin ang ating mga kakulangan habang sinisikap nating sundan ang mga ito, ngunit nakakatuwa at kalugud-lugod para sa atin na makitang ipinagpapatuloy ito ng ating mga anak, kahit na hindi tayo naging perpekto sa paggawa nito.

*Elder Holland*

Nagawa ng ilan ang mga ito.

*Sister Tanner*

Minsan, sinabi ng asawa ko sa burol ng kanyang ama na wala siyang natutuhan sa Simbahan na hindi niya natutuhan muna sa kanilang tahanan. Magandang parangal iyan sa kanyang mga magulang—sa mga magulang ng isang malaking pamilya. Ikinukuwento niya na kung minsan magtitipon-tipon lang sila sa tabi ng kama ng mga magulang nila, at hihilahin ng ama ang lumang *blind* sa silid at iguguhit doon ang tsart ng plano ng kaligtasan. Sabi niya, "Natutuhan namin ang plano ng kaligtasan habang nakaupo kami sa tabi ng kama nina Inay at Itay." Hindi lamang mga katotohanan ng ebanghelyo ang natutuhan namin, kundi sama-sama din kaming lumalabas para maglaro ng 'No Bears Are Out Tonight,' o iba pang larong pangpamilya." Maraming mabubuting bagay na ginawa ang pamilyang ito para gamitin ang oras ng kanilang pamilya na magkakasama, at magturo, at lumikha ng mga alaala.

*Elder Oaks*

Naaalala ko ang isang patakaran namin sa pamilya—bawat pamilya ay may patakaran—na hindi namin bubuksan ang telebisyon kapag kumakain, dahil ang oras na ito ng pagtitipon ay oras para magkausap-usap: "Anong ginawa ninyo ngayon?" "Anong gumugulo sa iyo?" "Paano kami makakatulong?" Hindi kami makakapagkuwentuhan kung ang balita, kahit gaano kahalaga iyon, ay natutunghayan sa oras ng kainan. Hindi namin kaya sa fast food, kaya lahat kami ay sa bahay lang naghahapunan. Ngunit may patakaran kami na walang telebisyon at maraming usapan, at uuwi kami lahat para sa hapunan. Hindi namin magagawa iyan sa almusal—ganoon ang kalagayan namin—pero mayroon kaming isang kainan na magkakasama kaming lahat. Napakabuti nito para sa aming pamilya.

*Sister Tanner*

Ganyan din kami noon. Nabanggit mo ang tungkol sa pag-uusap-usap at pagiging lalong malapit sa isa't isa sa mga pag-uusap na iyon. Hindi lamang kami nagkakaisa at nabibigyan ng impormasyon, masaya din kami. Puwede kayong mangagtawanan at magbahagian ng mga personal na

karanasan. Karaniwang nagdarasal ang aming pamilya tuwing almusal at hapunan, kasi doon nagkakasama-sama ang aming pamilya. Kadalasan ang panalangin ng aming pamilya ang pinagmumulan ng aming mga kuwentuhan habang kumakain. Minsan ipagdarasal ng asawa ko ang isang lola na inooperahan. O ipagdarasal niya ang mga tao sa kung saang lugar na sinasalanta ng lindol o iba pang kapahamakang dulot ng kalikasan. At pagkatapos habang kumakain kami, ito na ang paksang pag-uusapan namin na siyang nagbigkis sa aming pamilya.

*Sister Beck*

Nagmula ako sa isang malaking pamilya. Marami kaming magkakapatid. At ibig sabihin, maraming opinyon. Malaking trabaho ang pangalagaan ang pamilyang ito. Ginamit ng mga magulang ko ang family home evening para talagang turuan kami. Linggu-linggo naming kinakanta ang "Pag-ibig sa Tahanan" bilang pambungad na himno. Naaalala ko noong tinedyer pa ko na nakakasawang kantahin ang himnong iyon linggu-linggo.

*Elder Oaks*

Kung minsan kinakanta ang himnong iyon nang may galit sa isa't isa.

*Elder Holland*

At dahil inutos lang.

*Sister Lant*


Minsan nga si Inay ang galit.

*Sister Beck*

Hindi ito nakagawian lang, kundi pinaniniwalaan ito. Ngunit linggu-linggo, sasabihin ni Itay, "Kakantahin natin ngayon ang ating pambungad na himnong, 'Pag-ibig sa Tahanan.' "Noong 14 o 15 taong gulang na ako, sa edad na lahat na lang ay itinatanong mo, tinanong ko si Itay, "Bakit kailangan po natin itong kantahin linggu-linggo? May iba pa namang magagandang kanta sa himnaryo na puwede nating kantahin."

At tinitigan niya akong mabuti, at sabi niya, "Kapag natutuhan mo na ang lesson 1, ituturo ko sa iyo ang lesson 2." Hindi ko alam kung ano ang lesson 2; di kami umabot doon, pero masasabi ko na sa paglipas ng maraming taon, tinitingnan ko ang aming pamilya, at tunay na mahal namin ang isa't isa. Kahit paano, sa paglipas ng panahon, natutuhan naming mahalin ang isa't isa dahil iyon ang lesson 1 na gustong ituro ng aming mga magulang. Hindi nila sinikap na tapusin ang lahat. Alam nilang kapag sinimulan nila doon, maganda ang ibubunga nito.

May isang butihing ina na lumapit sa akin. Apat ang anak niya at wala pang anim na taong gulang ang mga ito, at sabi niya, "Sinisikap naming mag-aral ng mga banal na kasulatan tuwing umaga, pero ang gulo talaga. Laging may umiiyak; hindi sila nakikinig." At sabi ko, "Gaano katagal ninyo ginagawa ito?" Sabi niya, "Gusto sana namin kahit 10 minuto lang bawat araw." Para di siya mag-alala, sinabi kong, "Dahil bata pa sila, sa tingin ko napakatagal noon." Naintindihan niya ang dapat niyang gawin, at kinailangan niyang gawin ang kayang gawin ng kanyang mga anak. Puwede siguro siyang magsimula sa larawan nina Eva at Adan at pag-usapan nila ang tungkol sa larawan at huwag sikaping tulungang magbasa ng banal na kasulatan ang dalawang taong gulang. Ngunit naging tapat siya dito, at humanga ako sa kanya.



Gayunman, naniniwala akong mahalagang marinig kahit ng maliliit na bata na binabasa sa kanila ang mga banal na kasulatan. Dapat maging pamilyar sila sa wika ng mga banal na kasulatan tulad ng pagiging pamilyar nila sa wika ng kanilang mga magulang.

**Hindi Hinuhusgahan ang Iba**

*Sister Lant*

Elder Holland, may sasabihin lang ako tungkol sa paghusga sa iba. Tinitingnan natin ang ibang tao, at hindi sila palaging gaya ng iniisip natin. Sa tingin natin ay ganoon, ngunit hindi laging ganoon.

Malaki ang pamilya namin, at ang asawa ko ang bishop noong maliliit pa ang mga anak namin. Inaasikaso ko silang lahat buong Sabado at buong umaga ng Linggo para magsimba, at kailangan makarating kami ng maaga o hindi na kami makakarating. Okupado namin ang isang buong bangko—puro mga anak ko ang nasa ikalawang hanay na bangko—at nandoon na kami bago pa magsimula ang miting.

Naalala ko isang araw, lumapit sa akin ang isang sister at sabi niya, "Sister Lant, kung ang mga anak ko ay kasing-bait ng mga anak mo at kung madali iyan para sa'kin kagaya sa'yo, siguro malaki din ang pamilya ko."

Napaiyak ako, at umiyak ako sa buong miting. At tingin ng tingin sa akin ang asawa ko na parang sinasabing "Ano'ng problema?" Ano'ng problema?" Umiyak ako. Nasaktan ako. Dahil hindi iyon madali.

Madalas nating husgahan ang isa't isa. Marahas tayong manghusga. O hindi patas ang paghusga natin sa pagtingin natin sa iba—marahas. At hindi naman talaga natin alam ang kalagayan ng bawat isa. Kailangan lang tayong magmahalan.

*Elder Holland*

At kumapit sa doktrina, kumapit sa mga huwarang ito—aakyatin natin ang bundok na ito sa abot ng ating makakaya, at kung minsan magkakaiba iyan sa bawat pamilya.

**Sama-samang Paggawa**

*Elder Oaks*

May isa pang aspeto iyan, at iyon ay ang hamunin ang mga ama na mamuno. Hinihiling sa pagpapahayag ukol sa mag-anak na mamuno ang mga ama. Dapat tipunin ng mga ama ang kanilang pamilya para magdasal. Dapat siguraduhin ng mga ama na nagagawa ang family home evening. Minsan mas mainam na ibigay sa ina ang pagpaplano; magagawa niya ito nang mas mabuti kaysa sa ama. Ngunit ang ama pa rin ang mananagot sa Panginoon. Kaya mababasa natin sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak na "ang mga ama ay mangungulo."

Mga ama, magbangon at gampanan ang inyong tungkulin.

*Elder Holland*

At tamang-tama iyan sa sinabi natin kanina, na maraming puwersa sa daigdig ang humahatak sa mga tao palabas ng kanilang tahanan. Halimbawa pa rin ito ng pagsisikap natin na pabalikin sila sa kanilang mga tahanan, kasama na at lalo na, ang mga ama.

*Sister Lant*

Ang mga ama ang nangungulo, at tinitipon ng mga ama ang kanilang pamilya. Ngunit ang ina ang tutulong para maisagawa iyan. Dapat nilang matipon ang kanilang pamilya sa ganyang paraan at gawin itong magandang karanasan.

*Sister Beck*

Kapag sama-sama kayo, kapag alam ninyo na—balik tayo sa ating unang alituntunin—ang pamilya ay inorden ng Diyos, at sama-sama tayo dito, siyempre sama-sama kayong magpaplano at titiyakin na mangyayari ito. Tutulong kayo para mangyari ito.

*Sister Lant*

At dapat handang tumulong ang mga anak. Kailangang handang tumugon ang mga tinedyer.

*Sister Beck*

Kung minsan handa silang tumulong.

*Elder Oaks*

Mahirap itong gawin.

*Sister Lant*

Basta gawin ninyo. Gawin pa rin ninyo.

Ang mga alituntunin na napag-usapan natin, lahat ng mga alituntuning ito tungkol sa dapat pagbatayan ng isang pamilya, lahat ay nakatuon sa templo. Sa palagay ko ang templo ay malaking pagpapala sa ating buhay, kahit ang ating pamilya ay nakapasok na sa templo, o umaasang makakapasok ang isang pamilya sa templo. Lahat ng mga prinsipyo ng katotohanan at mga huwaran ng buhay pamilya ay patungo sa mga pagpapala ng templo dahil doon nagiging walang hanggan ang mga pamilya.

Sinabi ni Elder Ballard sa atin na, "malinaw na ang pinagkatiwalaan ng mga anak ay may sagrado at dakilang tungkulin. Inatasan tayo ng Diyos na pakamahalin ang mga bata ngayon at gawin ito nang may pananampalataya at unawain kung sino sila."[5] At iyan ang dapat nating gawin bilang mga magulang.

**Mga Kamag-anak**

*Elder Holland*

Bakit hindi natin pag-usapan ang iba pang makakatulong sa "mga pamilya"—mga lolo't lola, tiyo, tiya, o isang taong sa ngayon ay wala pang pamilya. Nabanggit natin kanina sa pagsisimula na hindi lahat ay makakasunod dito, ngunit tayong lahat ay maaaring maging tapat sa huwaran; maaari tayong maging tapat sa doktrina. May masasabi ba kayo kung paano magkakaroon ng partisipasyon ang lahat sa paghubog ng pamilya?

*Sister Lant*

Ayaw kong isipin bilang isang ina na walang tumulong sa akin. Malaki ang pasalamat ko sa mabubuting tao na nagkaroon ng impluwensiya sa mga anak ko. At marami sila, mga guro, kapitbahay, kaibigan, kamag-anak—na umimpluwensya sa buhay ng mga anak ko. Tinulungan ng mga tao ang mga anak ko sa maraming paraan. At nagpapasalamat ako. Dagdag na patunay ito ng mga bagay na itinuturo natin sa kanila. At minsan parang hindi mo maimpluwensyahan

ang isa sa mga anak mo na tulad ng gusto mong gawin, pero kaya silang impluwensyahan ng iba.

Natira na sa ibang bansa ang ilan sa mga anak ko. Nasa Espanya ang bunso ko kasama ang kanyang asawa at doon na isinilang ang kanyang panganay. Siyempre pa, malayo siya kay Lola, at nag-aalala ako tungkol dito at tungkol sa kanya, pero naroon ang mga Banal bilang kanyang pamilya. Naroon sila para sa kanya, at tinulungan nila siya, at sama-sama sila at minahal siya at gayundin ang sanggol. Nagpapasalamat ako sa pagmamalasakit nila at sa pag-impluwensya nila sa kanyang buhay.

*Elder Oaks*

Namatay ang tatay ko bago sumapit ang ikawalong kaarawan ko, at dahil lumaki ako sa tahanang isa lang ang magulang, alam ko ang impluwensya ng mga lolo't lola, ang impluwensya ng mga tiyo at tiya, at mga pinsan. Nagalak akong makita ang lakas ng mga kamag-anak sa paglalakbay ko sa labas ng Estados Unidos.

Sa tingin ko sa ibang bahagi ng mundo ay mas matatag ang ugnayan ng magkakamag-anak kaysa sa North America. Hinihikayat ko ang mga kapwa ko miyembro sa North America na tiyaking tumutulong sila, at pinalalakas ang mga kamag-anak, at dapat ninyong malaman na may mga lugar sa mundo kung saan mas maganda ang ugnayan kaysa sa North America.

**Pamilya ng Ward**

*Sister Beck*

Nariyan din ang pamilya ng ward. Tulad ng sinabi natin, sa bawa't ward ay magkakaroon kayo ng sari-saring mga karanasan at hamon. May mga kababaihan doon na magkakaanak; ang iba ay makapag-aasawa; mababalo ang ilan; ang ilan ay hindi. Sa katunayan kakaunti lang ang kababaihan na magkakaroon ng maraming anak. Sa ward na iyon dapat tayong magtulungan at suportahan ang mga taong nadaragdagan pa ang mga anak sa kanilang pamilya. Hamon ang magkaroon ng malaking pamilya. Sana, walang miyembro ng Simbahan na lalapit sa isa pang babae sa ward at magsasabing, "Nababaliw ka na, ang dami mo nang anak," kundi sa halip ay ipagdiwang ang kakayahan niyang magkaanak at sabihing, "Susuportahan kita. Gagawin ko ang lahat para mahikayat at matulungan ka."

*Elder Oaks*

Natutuwa ako na nabanggit mo iyan dahil may mga ulat sa amin na binabatikos daw ng ilang Banal sa mga Huling Araw ang kapwa nila miyembro dahil sa pagkakaroon ng mga anak. Naalala ko noong bago pa lang kaming mag-asawa ni June at buntis siya sa panlimang anak namin, isang napakaaktibong babae sa aming ward ang nagsabi sa kanya, "Ano ba 'yan, kayo lang yata ang pupuno ng tao sa mundo?" At natuwa ako kay June nang sumagot siya na: "Kasi, wala na yatang ibang makakagawa nito."

*Elder Holland*

At alam nating lahat—gaya ng nabanggit ni Sister Tanner—na may mga problema sa kalusugan at iba pang maliliit na bagay. Hindi naman ito tungkol sa pera o pulitika o kaibhan ng lipunan, ito'y mga tamang bagay na nauukol sa ebanghelyo na gusto nating makita at masukat. At mas lalong hindi tayo dapat manghusga. Nagtuturo tayo, nanghihikayat, nagsasama-sama, nagsasaya; at sa diwa ng ebanghelyo ay hinihikayat natin ang mga tao na hanapin ang kanilang kapalaran.

**Huwag Susuko Kailanman**

*Sister Tanner*

Tungkol sa paksa ng pagpapalaki ng mga anak, may mga tao siguro ngayon na nakikinig sa atin na hindi maganda ang pakiramdam sa kanilang sarili. Ang pagkakaiba ng ideyal na buhay at ng totoong buhay kung minsan ay napakalaki para sa ating mga ama't ina. Ngunit alam ko na ang pagiging ina o ama ay walang hanggang tungkulin, tungkuling panghabampanahon, at tulad ng iba pang mga tungkulin, tayo ay binigyan ng karapatan. Kailangan natin ang karapatang iyan, at kailangang palaging nasa atin ang diwa ng karapatang iyan sa pagpapalaki ng ating mga anak. Sa katunayan, naiisip ko na tulad ni Eliseo, doble ang kailangan nating bahagi ng diwang iyon sa pagpapalaki ng ating mga anak (tingnan sa II Mga Hari 2:9). Alam kong ibibigay ito sa atin ng Ama sa Langit. Sila ay Kanyang mga espiritung anak, at dodoblehin Niya ang diwang iyon sa atin habang sinisikap nating palakihin sila.

*Elder Oaks*

At ang ilan ay mas mahirap nga lang kaysa sa iba. Hindi totoong pantay ang pagtingin ng mga magulang sa kanilang mga anak o sa ilang mahahalagang desisyong kailangan. Maaaring pantay tayo sa hatian ng ari-arian, ngunit hindi tayo maaaring magkapantay sa hatian ng oras dahil magkakaiba ang pangangailangan natin.

*Sister Beck*

Nakita ko ang halimbawang ito sa sarili kong tahanan sa paglaki ko. Ang ate ko, na pinakamatanda sa 10 anak, ay nabingi sa edad na dalawa. Hindi

masasabi ni Inay na, “10 minuto ang ibibigay ko sa batang ito at 10 minuto sa susunod.” Walang dudang nabigyan ng mas maraming oras ang anak niyang iyon sa loob ng mahabang panahon.

Sa palagay ko ang tulong at kapangyarihan para sa nabuklod na pamilya sa kawalang hanggan ay nagmumula sa templo. Kung paanong ang stake president at bishop ay may susi at kapangyarihan at awtoridad sa stake o ward, ang mga magulang din sa loob ng templo ay binibigyan ng kapangyarihang tumanggap ng mga sagot, at paghahayag para lutasin ang kailangan nilang lutasin.

*Elder Oaks*

Bahagi ng pananaw na iyon ay ang matanto na binigyan ng Diyos ang Kanyang mga anak ng kapangyarihang pumili. At ito ay dumarating kapag nasa hustong edad na sila at kailangan nang gumawa ng mga pagpili at managot para sa mga ito.

Nakakalungkot kapag nakokonsiyensya ang mga magulang sa kanilang pagtanda sa bawat desisyong nagawa ng kanilang mga anak. Hinding-hindi tayo susuko. Dapat nating ituro ang mga tamang alituntunin at gawin ang lahat nang may pagmamahal at panghihikayat. Ang lahat ng ito ay mga alituntunin ng priesthood para magamit sa pamilya at sa Simbahan. Ngunit sa huling pag-aaral, sinasabi ko sa kapwa ko mga magulang at mga lolo't lola, laging magdasal, magsikap, at huwag nang makonsiyensya pa dahil ang mga taong binigyan ng kapangyarihang pumili ay magkakamali. Minsan ang tanging paraan para matuto ang ilang tao ay sa pamamagitan ng maling pagpili at makita ang ibubunga nito. Tapos ay aasa tayo sa kagila-gilalas na bisa ng Pagbabayad-sala ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. At halos walang kasalanan sa buhay na ito na hindi mapapatawad, batay sa wastong mga alituntunin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng ating Panginoon.

**Paggawa ng Kaaya-ayang Kapaligiran**


*Sister Lant*

Sapat na ba ang nasabi tungkol sa pagmamahal sa isa't isa? Napag-usapan natin kung paano tayo dapat magturo sa ating mga anak at ano ang kailangan nating gawin sa ating mga tahanan, pero sa tingin ko, kailangan lang na magmahalan tayo. Sabi nga, ang pinakamagandang magagawa ng ama para sa kanyang mga anak ay mahalin ang kanilang ina. Totoo ito sa bawat miyembro ng pamilya—humanap ng mga paraan para maipakita at masabi at maipamalas ang pagmamahal na iyon.

*Elder Holland*

Sinisikap ng Simbahan na ibalik ang mga tao pauwi, pati na ang Ama. Inaanyayahan ang Ama at Ina na kapwa sila mamalagi sa tahanan hangga't maaari.

Kailan lang ay namatay ang biyenan kong lalaki, at nagdalamhati ang asawa ko sa pagkawala ng kanyang ama. At inaaliw ko siya at sabi niya, “Pero mahal na mahal niya ako. Kinakantahan niya ko. Pinatutulog.” Kinukumutan niya ako.” Sabi niya, “Wala akong maalaalang gabi na hindi niya ako pinatulog at inawitan.” Ang punto ko rito ay ang pamamalagi ng mga ama sa tahanan. At humahanga ako sa mga anak kong lalaki, mas magagaling silang magpalit ng diaper at magpatahan ng mga bata sa simbahan.



*Sister Lant*

Sa tingin ko may isang malaking puwersa na pilit humahatak sa atin palayo hindi lamang sa ating tahanan, kundi pati sa mga bagay na mahalaga. At kapag minamasdan ko kung ano ang nagpapalayo sa atin sa ating pamilya, minsan ito ay ang pagkakaroon ng labis at pagkakaroon ng kaunti. Ngunit lahat ng ito ay mga materyal na bagay. Sa tingin ko kailangang suriin nating mabuti ang ating buhay at mga priyoridad—Masyado ba tayong abala? Napakarami ba nating ginagawa?—at isipin ang mga bagay na gagawa ng kaibhan sa buhay ng ating mga anak at huwag alisin ang mga espirituwal na bagay.

*Sister Beck*

Sa palagay ko hindi kailangan ng napakaraming gawain o oras para masunod ang plano ng Panginoon. Magagawa ito sa mga simpleng paraan. Isang napakahalagang bagay na dapat matutuhan ng mga magulang ay ang paglikha ng maayos na kapaligiran sa tahanan. Madalas sinusukat natin ang mga nagawa natin ayon sa mga bagay o listahan. Ngunit puwede nating isipin ang kapaligiran kung saan magkakaroon ng pag-unlad o paglaki. Ang ibig sabihin ng salitang *pag-aalaga* ay tumulong sa pagpapalaki. Hindi lalaki ang isang bagay kung masyadong tuyo o malamig o matigas ang lupa. Tungkulin ng mga magulang sa pagpapalaki ng mga anak na panatilihin ang kapaligiran na kung saan ay tatahan ang Espiritu, kung saan may pag-asa at pananampalataya at pag-ibig sa kapwa.

Nakita ko ang isang kahanga-hangang ina sa Mexico. Meron siyang isang maliit na patyo sa harap ng bahay nila, at pinintahan niya ng halamanan ang pader nito. Wala siyang lupang mapaglagyan ng halamanan. May pader siya, kaya't pinintahan niya ito ng mga bulaklak, punongkahoy, at bukal. Gusto niyang lumikha ng maayos na kapaligiran para sa kanyang pamilya. Napakagandang ideya para magkaroon ng diwa ng pag-unlad ang pamilya niya.

*Elder Oaks*

Gustung-gusto ni Inay ang mga salita ni Pearl Buck na, "Mahal ko nang buong puso ko ang mga anak ko, pero hindi ko sila kayang mahalin nang buong oras ko."[6] At maingat siya sa limitadong oras niya dahil siya ang naghahanapbuhay para sa pamilya. Maingat siya sa paraan ng paggugol namin ng kaunting panahon na magkakasama kami. Gusto niyang samasama kami sa mga proyekto. Gustung-gusto kong ginugunita ang karanasan kong iyon noon. Parang lagi kaming tinitipon ni Inay para gumawa ng isang proyekto na linisin ang garahe. Ngunit binabalik-balikan ko iyon, at alam kong ginampanan niya noon ang napakahalagang papel ng magulang sa pagtitipon sa kanyang mga anak upang sama-sama silang gumawa kapiling ang kanilang mga magulang.

Mahirap itong gawin sa mga lungsod kung saan ang karamihan ay naninirahan. Walang ganitong problema ang mga tao sa hindi pa gaanong maunlad na panig ng mundo kung saan ang mga mag-asawa at mga anak ay sama-samang gumagawa sa bukid. Ngunit ang alituntunin ay para sa lahat, at nakapahalaga nito para sa atin.

#### Mga Alituntunin ng Homemaking

*Sister Lant*

Nabanggit mo ang mga alituntuning iyan. Sa tingin ko, dapat tayong bumaling sa mga alituntuning iyan dahil iba-iba ang pamilya at mga sitwasyon nila sa buong mundo. Ngunit ang mga alituntunin ng paggawa at pag-ibig at pagiging di-makasarili at pagpapatawad at paglilingkod, sa mga pangunahing alituntuning ito ng ebanghelyo natin dapat alamin kung paano palakihin ang ating mga anak, kung paano patatagin ang ating samahan.

*Elder Oaks*

Sa palagay ko ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak ay nagbigay sa atin ng ilang alituntunin na kailangan nating banggitin:

"Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ay may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak."—Hindi sinasabing ***eksklusibo*** ito.—"Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan."

May mga pagkakataon na kailangang ina ang maghanapbuhay. Lumaki ako sa gayong tahanan. Ang kalusugan ng ama ay maaaring maging hadlang kung minsan sa pagganap niya sa kanyang tungkulin. Ngunit sa alituntunin ng magkatuwang na paglutas ng mga problema, maaayos ito ng bawat isa sa atin sa patnubay ng langit.

*Sister Tanner*

Sa pagbuo ng tahanan, para maging homemaker, kailangang alam natin ang ilang partikular na mga alituntunin, at kailangan natin ng mga kasanayan. Ang kawalan ng kasanayan sa homemaking—at di lang paggawa ng

LARAWAN © 2006 NI ROBERT CASEY

tinapay o pagluluto ang tinutukoy ko—ay lumikha ng kahungkagan ng damdamin na tulad ng idinudulot ng kawalan ng tahanan. Ang mga taong walang mapuntahan ngunit nasa kanila ang Espiritu, may katatagan ng damdamin, at naturuan din ng mga kagandahang-asal at mga alituntuning ito, ay marami ding problema ng kawalan ng pag-asa, at pagbaling sa droga at imoralidad, tulad ng mga taong nasa lansangan at walang matirhan. May pagkakataon tayong mga ama at ina na magkatuwang sa paggawa, na maging mga homemaker, na lumikha ng kapaligiran ng isang tahanan. Ang tahanan ay hindi lamang isang lugar; ito ay magandang damdamin, at diwa.

*Elder Oaks*

Natutuwa ako na binanggit mo ang *homemaking* dahil ang salitang ito ay hinahamak ng ilan, at hindi dapat gayon. Kailangan nating bigyan ng kahulugan ito. Ang homemaking ay hindi lamang pagluluto o paglilinis ng bahay. Ang homemaking ay paglikha ng kapaligirang kailangan sa pangangalaga ng ating mga anak tungo sa buhay na walang hanggan, na responsibilidad nating mga magulang. At ang homemaking ay para din sa mga ama gaya ng ito ay para sa mga ina.

*Sister Lant*

At ang tahanang iyon, ay dapat maging isang ligtas na lugar, kung saan puwedeng pumunta ang pamilya at madama na sila ay minamahal at ligtas sila mula sa mga makamundong bagay at AYOS ang kalagayan nila.

*Elder Oaks*

Tungkol sa delegasyon, maaaring maraming gawaing bahay na puwedeng ipagawa sa iba, ngunit hindi maaaring ipagawa sa iba ang mga gawain sa homemaking. Hindi natin ipinagagawa sa iba ang pangangasiwa sa family home evening. Hindi natin ipagagawa sa iba ang pagdarasal ng pamilya. Hindi natin ipagagawa sa iba ang pagmamahal ng ama at ina sa kanilang mga anak o ang oras na kailangan para sa pag-unlad. Paghiwalayin natin ang housekeeping at homemaking.

*Sister Lant*

Hindi natin maipagagawa sa iba ang mga responsibilidad na ito, pero puwede nating ibahagi ang mga ito.

*Elder Oaks*

Oo, puwede.

*Elder Holland*

Ang tumimo sa akin sa sinabi ni Elder Oaks ay "Hindi mo ito puwedeng ipagawa" sa komunidad, hindi mo ito puwedeng ipagawa sa chamber of commerce—

*Elder Oaks*

Kahit sa Simbahan.

*Elder Holland*

O sa Simbahan. Iyan ang punto ko. Pag-usapan natin yan. Pag-usapan natin kung paano tutulungan at pagpapalain ng Simbahan ang pamilya. May mga bagay na maaaring hindi kaya o hindi dapat gawin ng Simbahan—o ng sino man—kapag ukol ito sa pamilya.

**Pag-iiskedyul ng mga Aktibidad**

*Elder Holland*

Ano ang maipapayo natin sa mga lider ng Simbahan para mabalanse ang pagtulong sa mga pamilya at pagtatakda ng mga aktibidad? Problema ang oras sa mga ward at stake ng Simbahan.

Elder Oaks, paano ba natin ilalagay sa kalendaryo ang mga ito?

*Elder Oaks*

Mga bishop at stake president, kayong namumuno sa mga ward council at stake council. Isipin natin ang oras ng mga magulang sa paggawa ng mga iskedyul, huwag lamang basta ilagay lahat ang miting at aktibidad sa kalendaryo nang hindi iniisip ang ginagawa nito sa mga pamilya.

*Elder Holland*

Gusto nating mabiyayaan ang bawat tao, pero dapat din nating pangalagaan ang pamilya bilang isang yunit.

*Sister Beck*

Ilang taon na ang nakararaan may ginawa akong patakaran para sa sarili ko na angkop din sa lahat. Ang magandang dahilan para gumawa ng aktibidad sa ward o stake ay dahil kailangan ito at mapatatatag nito ang pamilya at indibiduwal. Hindi magandang dahilan ang gawin ito dahil nakagawian na o dahil may pista-opisyal na dapat nating ipagdiwang. Kapag pinag-uusapan natin ang mga huwaran ng ebanghelyo, batid natin ang mga pangangailangan. Magplano tayo ng mga aktibidad batay sa mga pangangailangang iyon, at kung may maganda tayong nagawa noong nakaraan taon, hindi ibig sabihin na kailangang gawin itong tradisyon.

*Elder Oaks*

At napakainam kapag isinasaalang-alang ng mga iskedyul ng Simbahan ang pamilya, para hindi ito maging pabigat sa mga pamilya at hindi ito labis at hindi basta na lang gagawin sa oras na posibleng magsama-sama ang pamilya.



***Kapag may miting ang ward council o presidency, dapat nilang isaisip, "Paano natin masusuportahan ang pamilya?"***

Kung mas maraming oras para sa pamilya, lalong may responsibilidad ang mga magulang na tiyaking hindi lang iyon dagdag na panonood ng telebisyon, pagsali sa mga palaro, o partisipasyon sa maraming iba pang mabubuting aktibidad sa komunidad para sa mga bata. Hindi natin ipinakikipagkompetensya ang Simbahan sa iba pang mga aktibidad. Sinisikap nating limitahan ang mga miting at aktibidad ng Simbahan para mas may oras para sa pamilya. At sa pamilya dapat iukol ang oras na iyon at hindi sa iba pang bagay.

*Sister Lant*

Alam mo, ang responsibilidad na iyan ay bumabalik sa pamilya, di ba?

*Elder Oaks*

Oo.

**Ang Ward at mga Family Council**

*Sister Beck*

Sa miting ng ward council o ng presidency, madalas ang usapan ay "Paano susuportahan ng mga tao ang ating samahan?" o "Maraming dumalo, maraming sumuporta sa atin." Talagang kabaligtaran ito. Sa miting ng ward council o presidency, kung masisimulan nila sa pagsabing, "Paano natin masusuportahan ang pamilya? ang gagawin natin pagkatapos ay bunga ng mga bagay na susuporta sa pamilya, hindi ang kabaligtaran; sa tingin ko puwede nating baligtarin ang salamin.

*Elder Oaks*

At magandang paksa iyan sa mga ward council, kung saan ang isang grupong gaya natin ngayon ay nagsasama-sama at may kani-kanyang pananaw. Bishop ang nagpapasiya, ngunit pinakikinggan niya ang lahat ng grupo at puwedeng siya ang magtakda ng aktibidad batay sa mga alituntuning natalakay natin.

*Elder Holland*

Gusto kong isipin na mahalaga siguro na sa gitna ng talakayang ito, dito sa gitna ng usapang ito, ay tumigil tayo at sabihin sa mga nakikinig, na bagamat hindi natin kailangang gawin ito, ipinapakita natin dito kung ano ang nais nating mangyari sa mga kalalakihan at kababaihan sa Simbahan.

*Elder Oaks*

Sa bawat kultura.

*Elder Holland*

Sa bawat kultura. Ganyan dapat mag-usap ang mga ward council. Gusto ko ring isipin na ganyan dapat mag-usap ang mga mag-asawa. May paggalang; may malasakit, nagbabahagi ng mga ideya, nagsasaluhan. At sa ilang mga kultura—pandaigdigang brodkast ito—kabaligtaran ito ng tradisyon at kasaysayan at estilo ng ilang tao at mga kultura. Ngunit ang kultura ng ebanghelyo ang dapat manaig. At kung hindi naging kaugalian o tradisyon ang makinig sa mga babae o ipakita ang nakamamanghang paggalang ng mga babaing ito sa priesthood—lahat ng ito ay maiparating sana sa Simbahan, na kailangang pakinggan at mahalin ang isa't isa, mag-usap, at kunin ang pinakamagagandang ideya, at humingi ng patnubay at magkaroon ng mas mabubuting pamilya at Simbahan bilang bunga. Ito sana ang mga mensaheng maiparating natin sa brodkast na ito ngayong gabi.

**Pagtutugma ng mga Pangangailangan at Pagkukunan**

*Elder Oaks*

Ibinigay sa atin ni Elder L. Tom Perry ang kahanga-hangang prinsipyo sa pandaigdigang pulong sa pamumuno noong Enero 2003. Gusto kong basahin ang ilan sa mga binanggit niya, at bigyang-diin ang mga ito. Mas mahalaga ito ngayon kaysa noong nakalipas na limang taon, nang una niya itong sinabi. Sabi niya:

"Ang sekreto sa pagbuo ng branch o district, ng ward o stake ay ang

kilalanin ang inyong mga miyembro, ang kanilang mga kakayahan, at pangangailangan, at buuin ang inyong programa batay sa pamunuang naroon at pangangailangan ng inyong mga miyembro. . . .

Sa lahat ng ginagawa ninyo, dapat ninyong malaman na hindi laging mas mainam ang mas malaki. Lumaki lang ayon sa bilis ng pagdami at tagal ng inyong yunit. Panatilihin ang lakas ng inyong mga miyembro"[7]

Napakagandang alituntunin.

*Sister Lant*

Siya nga. Naisip ko, paano ito isasagawa ng auxiliary leader, ng isang Primary leader sa ward. Madalas tatawagin ang Primary leader na iyon, at titingin siya sa programa ng Primary, at iniisip niya, "Sige, paano ko gagawin ang lahat ng ito?" At kikilos siya at gagawin ang mga ito, at hahanap pa ng maaari niyang gawin.

Dapat tayong magpokus lagi sa pamilya sa lahat ng ating ginagawa, dahil iyon ang dapat nating gawin. Minsan kukunin natin ang isang programa, titingnan ang pangangailangan ng ating mga miyembro, at hindi naman gagawin lahat.

*Elder Holland*

Naalala ko ang sinabi ni Elder Scott na minsan ang pagganap sa tungkulin ay paggawa nang mas kaunti, hindi labis.[8] Mas nakapagpokus ka dito, mas nakapagpasiya kang mabuti. Mas napaganda ang kalidad, ngunit maaaring mas maliit ang trabaho, hindi mas malaki. Magandang isipin iyan, sa tingin ko—para hindi magtamad, hindi magpabaya, kundi tingnan talaga ang kabuuan, pati na ang kabuuan ng pamilya, at siguro kung minsan ay mas kaunti ang gawin.

*Sister Lant*

At madalas ang mga auxiliary leader ay may kakayahan, napakarami nilang nagagawa, kaya't naaaliw sila. Dapat nating bantayan ang ating sarili na huwag gawin iyon, at magpokus sa mga tao, hindi sa programa.

#### Karunungan at Mabuting Paghatol

*Sister Tanner*

Nagpapasalamat ako sa mga priesthood leader na tumitingin sa sitwasyon ng pamilya bago magbigay ng tungkulin. Alam kong inspirado ang pagbibigay ng tungkulin, ngunit kailangan din ng karunungan at paghatol sa panig ng mga priesthood leader.

*Elder Oaks*

Ang mga yunit na limitado ang bilang ng mga aktibong miyembro ay kulang sa mga manggagawa, at dapat mag-ingat silang mabuti na huwag basta punan lamang ang tungkulin at bigyan ng apat o limang calling ang 10 katao ring iyon sa ward. Hindi ito ang paraan para lumakas ang pamilya. Hindi iyan ang paraan para lumakas ang ward. Dapat maunawaan ng inspiradong priesthood leader na ang abalang mga magulang ay hindi dapat magkaroon ng maraming calling.

Maaaring bawasan ang programa upang matugunan ang mga kailangan sa alituntuning itinuro ni Elder Perry sa pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno noong Enero 2003.

*Elder Holland*

At alam nating lahat—tayong lahat na narito ngayon—na ang sakripisyo ay alituntunin pa rin sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nagsasakripisyo tayo para sa isa't isa sa ating pamilya. Pinalalawak natin iyan, at nariyan kayo sa branch at sa ward at sa stake. Tinawag tayo para gawin ang mga bagay na mahirap, at kailangan tayong magpasiya kung "Ano ang gagawin natin para maprotektahan ang ating pamilya?" at "Ano ang gagawin para maprotektahan ang Simbahan?" "Paano natin matitiyak na umuunlad ang Simbahan gayundin ang pamilya?"

Kailangan natin ng karunungan at paghatol para magawa ang lahat ng ito. Hindi natin magagawa ito nang minsanan lang, at hindi natin kailangang gawin ang lahat ng ginawa natin. Pero pagpapalain tayo na magawa ang mahahalagang bagay.

*Sister Beck*

Naaalala ko ang magandang turo ni Elder Ballard nang turuan niya tayo na maging matalino. "Maging matalino sa pagpili ng mga bagay na ito."[9] Mahalaga ang pagtuturo ng sakripisyo. Ang simula ng aking patotoo, noong unang sabihin kong, "Kahanga-hanga ang simbahang ito," ay nang makita kong naglingkod ang mga magulang ko at nagsikap at natuto sa kanilang mga calling. Naturuan ako noon ng ilang bagay. At natuto ako at napalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng sarili kong paglilingkod. Hindi ko masasabing namili ako kung pamilya o paglilingkod. Kailangang magkasundo ang dalawa at ang pangako natin sa Panginoon na tutulong tayo sa pagtatayo ng Kanyang kaharian at pangako nating bumuo ng pamilya. Magkasama ang mga ito. Walang pagpipilian dito.

#### Ang Kagalakang Dulot ng Sabbath

*Elder Holland*

Maaari ba akong manawagan sa atin dito at sa buong Simbahan na gawin sana natin ang lahat para maging kagalakan ang Sabbath. Wala akong alam na iba pang paraan para

magkaisa ang pamilya sa Simbahan bukod sa ikasiya ng lubusan ang araw ng Linggo. At nasisiyahan kami dito. Masaya ako. Kahit abala ako, natutuwa ako kapag Linggo. Ngunit ang mga unang pahayag, lalo na sa Matandang Tipan, at hanggang sa mga pahayag sa ating Doktrina at mga Tipan, ay tungkol sa kagalakan sa Sabbath, kagalakan sa pagsamba, at ang galak ng Sabbath. Siguradong mas mainam kung magkakasama tayo kapag Sabbath. Magbabawas tayo, kung minsan, sa mga gawain upang maipamuhay nang balanse ang mahahalagang aspeto ng ebanghelyo sa tahanan.

*Sister Beck*

Tinutukoy mo rin ang araw ng Sabbath at kung paano mapapaganda ang karanasang iyon. Kadalasan ang kaabalahan at mga gawain sa Sabbath para maasikaso ang gawain sa Simbahan ang umaagaw sa tunay na dahilan ng pagsisimba natin. Nagsisimba tayo para sariwain ang mga tipan. Kung paghahandaan at pagtutuunan iyan ng pansin ng mga pamilya sa araw ng Sabbath, mas pagpapalain ang ating mga pamilya. Nakikibahagi tayo ng sacrament, at ang iba ay dagdag na lang doon. Hindi ito ang pangalawa kundi ito ang talagang pangunahing dahilan ng ating pagsisimba.

Minsan dahil sa dami ng ating ginagawa hindi nakikita ng ating mga anak ang mensahe dahil nagmamadali tayo. At ito dapat ang pangunahing itinuturo natin sa kanila.

### "Mangasiparito Kayo at Mangagpawing Gutom"

*Elder Holland*

Sa pinakadiwa ng homemaking, sa pinakamainam na pakahulugan nito, sana sama-sama uli tayong maupo sa hapag kainan bilang isang pamilya. Sa tingin ko sasabihin, at sinasabi, ng halos lahat ng sociologist na wala na sigurong mas mag-uugnay sa isang pamilya bukod sa kanilang lingguhang pagkain nang sama-sama sa napagkasunduang oras.

*Sister Beck*

Isa sa mga paborito kong banal na kasulatan ay nasa huling kabanata ng Ebanghelyo ni Juan, kung saan tinipon ng Tagapagligtas sa Dagat ng Galilea ang Kanyang mga alagad. May siga at uling at isda Siya, at sinabi Niya, "Mangasiparito kayo at mangagpawing gutom." Ngayon, bahagyang inilalarawan nito ang paghahanda. Naihanda ang kakainin—masasabi nating pagkain ng isang pamilya—at inanyayahan Niya sila na lumapit at kumain, at hindi 'kain at takbo na,' kundi pumarito at magpawi ng gutom. At pagkatapos sinabi sa banal na kasulatan, "Nang sila'y mangabusog." Tapos itinuro Niya sa kanila ang tungkol sa pagpapakain ng Kanyang tupa (tingnan sa Juan 21:9–15). Iba talaga kapag sama-samang kumakain at nagpapahinga at madama ito doon. Ano na kaya ang turong iyon kung hindi Niya inihanda ang lugar para ituro iyon?

Siya ang lumikha sa napakagandang kapaligiran sa pagtuturo, at oras iyon ng pagkain. Sa tingin ko hindi iyon nagkataon lang.

### Kumapit sa Doktrina

*Elder Oaks*

Sa talakayan natin, mahalagang iwasang gawing huwaran ang mga

***Wala na sigurong mas mag-uugnay sa isang pamilya bukod sa kanilang lingguhang pagkain nang sama-sama.***



modelo ng daigdig sa pagpapalaki ng mga anak at pag-aasawa at sa lahat ng bagay na ukol sa kawalang hanggan. Naaalala ko ang payo ni Apostol Pablo sa mga taga Corinto. Nakatala ito sa 2 Corinto, kabanata 6. Nagsasalita siya sa mga tumanggap ng ebanghelyo, at sinabi niya, "Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagka't anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan?" (2 Mga Taga Corinto 6:14). Sinasabi niya sa atin na hindi natin makakayang makiisa sa daigdig kapag gumagawa tayo ng desisyon ukol sa kawalang hanggan.

*Elder Holland*

At para sa akin kung panghahawakan natin ang doktrina ng Simbahan—muli balikan natin ang ating mga ideya na nagpasimula sa talakayang ito, ang ideya tungkol sa plano at payo ng ating Ama sa Langit sa atin bago tayo naparito—kung kakapit tayo sa doktrina, makatatagal tayo, sasagutin ang ating mga dasal, at mananatiling pundasyon natin ang mga tunay na alituntunin.

Lagi kong naiisip, at sinabi ko sa mga anak ko na, ang mga magulang na nakalampas sa Chimney Rock at Martin's Cove (at may ilan na hindi nakarating doon) kung saan nakakalat ang mga munting libingan sa makasaysayang lugar na ito ng Simbahan—hindi nila ginawa iyon para sa programa, hindi nila ginawa iyon para lang magsaya. Ginawa nila iyon dahil sa pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo na nasa kanilang kaluluwa, na nasa utak ng kanilang mga buto. Iyon lang ang paraan para mailibing ng mga inang iyon ang sanggol sa karton ng tinapay at magpatuloy at masabing, "Naroon ang lupang pangako. Mararating natin ang lambak."

Nasabi nila iyon dahil sa mga tipan at doktrina at pananampalataya at paghahayag at diwa. Kung mananatili iyan sa ating mga pamilya at sa Simbahan, siguro magiging maayos ang maraming bagay. Siguro, unti-unting mawawalan ng halaga ang maraming bagay. Sinabi sa akin na kaunti lang ang nailalagay sa mga karitong iyon. Kung paanong kinailangang piliin ng ating mga ninuno ang dadalhin nila, marahil matutulungan tayo ng ika-21 siglo na makapagpasiya kung, "Ano ba ang mailalagay natin sa kariton?" Kung ano ang nasa ating kaluluwa; kung ano ang nasa utak ng ating mga buto. At pagpapalain ang ating pamilya at Simbahan kung mananangan tayo sa mga paghahayag.

*Elder Oaks*

Elder Holland, magandang paksa ito sa pagtatapos.

*Elder Holland*

Elder Oaks, Sister Beck, Sister Lant, Sister Tanner, sa ngalan ng buong Simbahan, salamat. Salamat sa oras ninyo, sa pagmamahal, paglilingkod, sakripisyo, at katapatan na nasa inyong kaluluwa tungkol sa buhay-pamilya at pagmamahal ng pamilya sa ebanghelyo ni Jesucristo. Salamat. At salamat sa inyong lahat mga kapatid.

**MGA TALA**

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102.
2. Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 2003, 64; o *Ensign*, Mayo 2003, 59; at Conference Report, Okt. 1997, 94; o *Ensign,* Nob. 1997, 69.
3. Tingnan sa "Thurber," *Life,* Mar. 14, 1960, 108.
4. Tingnan sa John Milton, *Paradise Lost*, aklat 8, taludtod 601–02.
5. M. Russell Ballard, "At Malaki ang Magiging Kapayapaan ng Iyong mga Anak," *Ensign,* Abr. 1994, 60.
6. Tingnan sa Pearl S. Buck, "At Home in the World," *Marriage and Family Living,* Peb. 1942, 2.
7. L. Tom Perry, "Pangunahing Programa sa Yunit," *Unang Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Ene. 2003, 9.
8. Tingnan sa Richard G. Scott, "Doktrinal na Pundasyon ng mga Auxiliary," *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Ene. 2004, 7.
9. Tingnan sa M. Russell Ballard, sa Conference Report, Okt. 2006; 16–19: o *Ensign,* Nob. 2006, 17–20.

# Isang Santuwaryo mula sa Mundo

PANGULONG THOMAS S. MONSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw



**Gawing Parang Langit ang Ating mga Tahanan**

Mga kapatid, mapagpakumbaba kong binibigyang wakas ang nagbibigay-inspirasyong miting na ito. Natuon ang ating mga isipan sa tahanan at mag-anak habang tayo ay pinaaalalahanan na ang "tahanan ang batayan ng matwid na pamumuhay, at walang ibang kasangkapan na maaaring humalili dito ni tumupad sa napakahalagang gawain nito."[1]

Gaya ng alam natin, iba't iba ang anyo ng mga pamilya. Ang ilan ay kinabibilangan ng ama, ina, mga kapatid na lalaki at babae, habang ang iba naman ay binubuo ng isang magulang at mga anak. May iba pa na binubuo ng isang tao lamang.

Anuman ang anyo ng sarili nating pamilya, kung susundin natin ang mga gabay na itinuro sa atin sa miting na ito, mapapalapit tayo sa Panginoon at mas magiging parang langit ang ating mga tahanan.

Habang naglalakad si Jesus sa maalikabok na lansangan ng mga bayan at baryo na ngayon ay may paggalang na tinatawag nating Banal na Lupain at tinuturuan ang Kanyang mga disipulo sa magandang lugar ng Galilea, madalas Niyang banggitin ang mga talinghaga, sa wikang higit na nauunawaan ng mga tao. Madalas Niyang banggitin ang pagtatayo ng bahay at iniuugnay ito sa mga katayuan ng buhay ng mga taong nakikinig.

Inihayag Niya, "Bawa't . . . bahay na nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay mawawasak" (Mateo 12:25). Pagkaraan ay nagbabala Siya, "Masdan, ang aking bahay ay isang bahay ng kaayusan . . . at hindi isang bahay ng kaguluhan" (D at T 132:8).

Ang mundo ay mas lalong napupuno ng kaguluhan at pagkalito. Ang mga mensaheng nakapalibot sa atin ay sumasalungat sa lahat ng bagay na pinahahahalagahan natin—tinutukso tayo na talikuran ang "marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri" (Ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13) at tanggapin ang paniniwala na karaniwang nalilihis sa ebanghelyo ni Jesucristo. Gayunman, kapag nagkakaisa sa layunin ang ating mag-anak, at kapayapaan at pagmamahalan ang namamayani, ang tahanan ay nagiging isang kublihan mula sa mundo.

Kapag tayo ay pagod, o maysakit, o nawawalan ng pag-asa, napakatamis ang madama ang ginhawa na ibinibigay ng isang tahanan. Mapalad tayong mapabilang at magkaroon ng puwang sa isang pamilya.

May mga pagkakataon na tayo ay nayayamot o nabubugnot sa tahanan at pamilya at mga karaniwang kapaligiran. Ang gayon ay maaaring hindi nakakahalina, magkakatulad ang nadarama, at ang ibang lugar kung minsan ay mas nakakaakit. Ngunit kung marami na tayong naging karanasan at nakita natin na maraming bagay sa mundo ang panandalian at mababaw lamang, ang ating pasasalamat ay nadaragdagan sa pagkakataon na maging bahagi ng isang bagay na maaasahan natin—tahanan at pamilya at ang katapatan ng mga mahal sa buhay. Nauunawaan natin ang kahulugan ng pagkabuklod sa pamamagitan ng tungkulin, paggalang at pagiging kabilang. Natutuhan natin na walang lubos na makakapalit sa pinagpapalang ugnayan ng isang pamilya.

Natatandaan ng lahat sa atin ang tahanang kinalakihan natin. Para sa karamihan sa atin, hindi natin iniisip kung malaki o maliit ang bahay natin




*Habang nananalangin tayo kasama ang ating pamilya bawat araw, makatutulong tayo na maibigay ang proteksiyon na lubha nating kailangan ngayon sa mundo.*

noon, o kung maunlad ba o mahirap ang lugar na ating tinitirhan. Bagkus, nalulugod tayo sa mga karanasan sa piling ng ating pamilya.

Nagpahayag ng isang malalim na pilosopiya si Gng. Margaret Thatcher, dating punong ministro ng Great Britain: "Ang pamilya ang pangunahing yunit ng lipunan. Dito pinalalaki ang mga sanggol, ito ay paaralan, ospital, libangan, kanlungan at pahingahan. Saklaw nito ang buong lipunan. Hinuhubog nito ang ating mga paniniwala; dito tayo naghahanda para sa ating buhay."[2]

Gusto kong imungkahi ang tatlong gabay na makakatulong upang masiguro na magiging kanlungan ng kaligayahan ang ating mga tahanan.

**Huwaran ng Panalangin**

Una, magkaroon tayo ng huwaran ng panalangin.

Bilang mga tao, hindi ba tayo nagpapasalamat na ang panalangin ng mag-anak ay pinaniniwalaan pa rin natin at isinasagawa? Wala nang mas magandang tagpo sa mundong ito kaysa makita ang isang pamilya na sama-samang nananalangin. Iniutos ng Panginoon na magkaroon tayo ng panalangin ng mag-anak nang sabihin Niyang, "Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain" (3 Nephi 18:21).

Habang nananalangin tayo kasama ang ating pamilya bawat araw, makatutulong tayo na maibigay ang proteksiyon na lubha nating kailangan sa mundong ito.

**Isang Aklatan ng Karunungan**

Pangalawa, sana ay maging isang aklatan ng karunungan ang ating mga tahanan.

Ang isang mahalagang bahagi ng ating aklatan ng karunungan ay ang mabubuting aklat. Ang pagbabasa ay isa sa mga tunay na kasiyahan sa buhay. Sa panahon natin ngayon na dagsa ang pagdating ng mga impormasyon, at ang karamihan dito ay pinaikli, hinalaw, hinalu-halo, pinutulputol, at pinasinungalingan, nakapapanatag at nakapagbibigay-inspirasyon ang tahimik na pagbabasa ng isang magandang aklat.

Si James A. Michener, tanyag na may akda, ay nagmumungkahi: "Ang kinahihinatnan ng isang bayan ay sanhi ng binabasa ng mga tao noong kanilang kabataan. Ang mga mabuting mithiin nito ay hinuhubog noon, ang mga layunin ay matatag na itinatakda."

Ipinayo ng Panginoon, "Maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118).

Mangyari pa, ang pamantayang mga banal na kasulatan ang siyang pangunahing aklatan ng karunungan na aking tinutukoy. Basahin natin nang madalas ang mga ito, sarilinan man o kasama ang ating pamilya, upang tayo ay maliwanagan at mapabuti at mapalapit sa Panginoon.

**Isang Pamana ng Pagmamahal**

Pangatlo, sana ay mapaligaya tayo ng isang pamana ng pagmamahal.

Sa wari ko ay natututuhan ng mga bata ang mumunting aral ukol sa pagmamahal habang tahimik nilang pinagmamasdan at tinutularan ang halimbawa ng kanilang mga magulang. Siguruhin natin na karapat-dapat tularan ang ating mga halimbawa. Kapag

may pamana ng pagmamahal na naghahari sa ating mga tahanan, hindi tayo pangangaralan ni Jacob tulad ng nakatala sa Aklat ni Mormon: "Sinaktan ninyo ang mga puso ng inyong mga mapagmahal na asawa, at nawala ang tiwala ng inyong mga anak, dahil sa inyong masasamang halimbawa sa kanila; at ang mga hinaing ng kanilang mga puso ay nakararating sa Diyos laban sa inyo" (Jacob 2:35).

Sa halip, sana ay mapuspos ng pag-ibig ang ating mga pamilya at tahanan: pag-ibig sa bawat isa, pag-ibig sa ebanghelyo, pag-ibig sa kapwa tao at pag-ibig sa ating Tagapagligtas. Bunga nito, magiging mas malapit ang langit dito sa lupa.

Sana ay magawa natin ang ating mga tahanan na mga kanlungan kung saan ang mga miyembro ng ating pamilya ay maghahangad palagi na bumalik.

**Ang Pananabik sa Tahanan**

Ilan sa inyo ang maaaring nakaaalala sa kuwento ng isang musmos na batang lalaki na dinukot mula sa kanyang mga magulang at tahanan at dinala sa isang malayong bayan. Sa gayong kalagayan, naging binatilyo ang musmos nang walang alam tungkol sa tunay niyang mga magulang o tahanan. Habang siya'y lumalaki, nadama niya sa puso ang pananabik na bumalik sa mga magulang at tahanan.

Ngunit saan matatagpuan ang tahanan? Saan niya matatagpuan ang kanyang ina at ama? O, kung maaalala lang sana niya ang kanilang mga pangalan, magkakaroon siya ng kahit kaunting pag-asa. Balisa man ay sinikap niyang maalaala ang kahit munting palatandaan ng kanyang kamusmusan.

Isang araw, sa biglang pagdaloy ng inspirasyon, naalala niya ang kalembang ng isang kampana sa tuktok ng simbahan sa nayon na tumutunog bilang hudyat ng pagsalubong sa bawat umaga ng Sabbath. Naglibot sa bayan-bayan ang binatilyo, taimtim na pinakikinggan ang pamilyar na tunog ng kampanang iyon. Magkakatulad ang ilang kampana, ang iba'y malayo sa tunog na naaalala niya.

Kalaunan, tumayo sa harap ng isang simbahan ng isang karaniwang bayan ang pagod na binatilyo isang araw ng Linggo. Nakinig siyang mabuti nang magsimulang tumunog ang kampana. Pamilyar ang tunog, hindi katulad ng mga narinig na niya, maliban sa ang tunog ng kampanang iyon ay nagpaalala ng mga araw noong bata pa siya. Oo, iyon ang dating kampana. Ang tunog nito ay kagaya ng naalaala niya. Napuno ng luha ang kanyang mga mata at nagalak ang kanyang puso. Napuno ng pasasalamat ang kanyang kaluluwa. Lumuhod ang binata, tumingin pataas sa tore ng kampana—maging sa kalangitan—at sa panalangin ng pasasalamat ay pabulong na sinabing, "Salamat sa Diyos. Nakauwi na ako."

Gusto ko ang mga salitang natatagpuan sa himno:

O mahal na tahanan, saanman ako pumaroon,
Sa ibang lupain o malayong dagat man,
Puso ko'y nagigiliw, sa pagdaan ng panahon,
At iyong pagmamahal ay kinasasabikan!
Kahit maganda ang kapaligiran,
At mabait at matapat ang mga kaibigan,
Kahit naliligid ako ng tawanan at awitin,
Sa iyo pa rin sabik ang puso ko at damdamin.[3]

Sana ay sikapin natin palaging gawing kanlungan ng pagmamahalan at kapayapaan at kaligayahan ang ating mga tahanan, kung saan mamarapatin ng Espiritu ng Panginoon na manatili. Ito ang aking dalangin para sa ating lahat, sa pangalan ni Jesucristo, amen.

**MGA TALA**

1. David O. McKay, sa *Family Home Evening Manual* (1965), iii.
2. Sa Nicholas Wood, "Thatcher Champions the Family," *The Times,* Mayo 26, 1988, 24.
3. "O Home Beloved," *Hymns,* blg. 337.

ANG MAG-ANAK

# ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

## Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinapahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagiging may kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

Kami ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na isang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

Kami ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan.

*Ang pagpapahayag na ito ay binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang bahagi ng kanyang mensahe sa General Relief Society Meeting na ginanap noong Setyembre 23, 1995, sa Salt Lake City, Utah.*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02067 61893 6
06761 893